
30 days of summer
with HIM
by: Glimpseofsmile

# <u>30 days of summer with him</u>

**Written by:** Glimpseofsmile

## Prologue

Alam niyo yung pakiramdam na, pag tapos nyong mahalin yung isang tao ng sobra sobra, na halos wala ka nang tinira para sa sarili mo..

*eh magagawa ka nalang niyang iwan ng basta basta?*

***"Ayoko na Tine. Tama na! Puro nalang tayo away, wala ng patutunguhan tong relationsip na to! Sawang sawa nako! Sakal na sakal na ko. Mas mabuti pang mag break nalang tayo!!"***

*Bakit hindi niya nalang sinabing, sawang sawa na siyang intindihin ako? Bakit ganun nalang siya kadaling mag give up?*

One rainy summer night, he broke up with me. He is Karl Fernandez my ex boyfriend. He had been with me for a year and a half tapos basta basta niya nalang ako nagawang iwan. How can he do that to me? Ang sakit diba? iniwan niya ko dahil nag sawa na siyang intindihin ako. Diba pag mahal mo yung isang tao, kahit ano pang gawin niya, hindi ka mag sasawang intindihin at mahalin siya?

*Pero siguro, hindi kasi ganun yung sitwasyon. Siguro kasi, hindi niya naman ako mahal.*

Pero wala ng MAS sasakit pa, sa dahilan na, iniwan niya ko.. para sa best friend ko.

Summer na summer, umuulan. Nakikisama yung panahon sa lungkot na nararamdaman ko. I went to the bridge above a river where we used to go to. We built promises, dreams, and love here together. Yung relationship na halos perpekto na, na akala ko kahit kelan hindi na masisira, hanggang AKALA ko lang pala lahat ng yun.

Nung gabing yun, I met a guy who thought I'm going to commit suicide. He's a guy that looks like a bad boy but also has a good side in him.

That was the night that I met someone who will treat me like a special person. Who will treat me like I'm worth loving. He is the person who sees my worth na hindi nakita ng ex ko sakin.

That same night was the start of my..

***30 days of summer with him.*** ❤

# Chapter 1

**“Ayoko na Tine. Tama na! Puro nalang tayo away, wala ng patutunguhan tong relationsip na to! Sawang sawa nako! Sakal na sakal na ko. Ayoko na!! Mas mabuti pang mag break nalang tayo!!”** sigaw sakin ni Karl habang umiiyak parin ako. Bakit pag tinitignan ko yung mga mata niya, nakikita kong buo na talaga yung decision niya na makipag break sakin? Isang taon at kalahati niya kong naging girlfriend, pero bakit parang hindi siya nahihirapan na makipag break sakin? Bakit parang ako lang yung nasasaktan saming dalawa?

**“No! I don’t want a break up. We can still fix this. Okay, I’ll try to be mature. Gagawin ko yung best ko para intindihin ka lagi. Just please, wag tayong mag break. Maaayos natin to.”** Sabay hawak ko sa braso niya habang tuloy tuloy parin sa pag iyak.

**“Tine, Wala na. Wala na tayong maaayos pa! Kasi alam naman nating matagal na tong sira at parehas nalang tayong nag titiis!”** Tinatanggal ni Karl yung pagkakahawak ko sakanya, pero talagang hindi ko siya binibitawan. Humahagulgol narin ako ng iyak ng dahil sa sobrang sakit na nararamdaman ko ngayon.

**“Bakit ganun ganun nalang? Handa kang itapon nalang lahat? Bakit?! Totoo ba yung balita ha? Gusto mo si Andrea? Gusto mo yung best friend ko?!”** Hindi siya makasagot at tuluyan niyang tinanggal yung pagkakahawak ko sa braso niya. Wala nakong nagawa kundi lumuhod sa harap niya. Kahit ang daming tao sa paligid namin na nakaka kita. Kahit na nakakahiya, wala akong pakialam. Kasi mas mahal ko siya kesa sa pride ko. Takot talaga akong mawala siya sakin, kasi pag nawala siya, hindi ko na alam kung anong mangyayari sakin.

**“Tine please, hindi yang pag luhod mo dyan ang magpapabago ng desisyon ko! Wag mo ng ipahiya pa yung sarili mo. Kasi kahit na ano pang pilit natin, talagang hindi na pwede!”**

**“Mahal mo naman ako diba? Handa akong magbingi bingihan sa mga narinig ko tungkol sainyo ni Andrea, basta sabihin mo lang na mahal mo pa ko. Kasi Karl, kahit anong mangyari, kahit anong away pa yung dumating satin, mahal parin kita eh. Hindi ko alam kung anong mangyayari sakin pag nawala ka. Hindi ko kaya! Siguro kaya ko, pero ayoko. Mahirap. Malungkot. Hindi kompleto!”**

**“Grow up Tine! Masyadong kang dependent! Nakakasakal ka na! Simula ngayon, kayanin mong wala na ko. Hindi ba mas masakit kong mag sstay ako sa tabi mo, pero hindi na naman kita mahal?!”** napahinto ako sa sinabi niya. Ano daw? Hindi niya na ko mahal? Pano nangyari yun? Pano niya nagawang sabihin yun sa harap ko habang eto ako at nakaluhod sa harap niya at sa harap ng maraming tao? Kanina pa ko napapahiya sa harap nila, pero wala akong pakialam. Pero nung marinig ko yung salitang *‘Hindi na naman kita mahal’* parang sinampal niya ko ng sobrang lakas. Pero bakit sa sampal na yun, hindi parin ako magising sa katotohanan? Iiwan niya nako? Itatapon nalang namin lahat ng pinag samahan namin ng ganun ganun nalang?

**“K-karl.. N-noo.. Mahal mo pa ko diba? Mahal mo parin ako. Kasi sabi mo sakin dati mahal mo ko eh!”**

**“Tine, hindi ibig sabihin na sinabi kong mahal kita dati, eh hindi na mag babago yun. Ayokong saktan ka, pero sa tingin ko eto lang yung tamang paraan para lang marealize mo na wala na talaga tayong pag asa. I’m sorry. I’m really sorry.”** Then tuluyan na siyang umalis sa harap

ko. Naiwan akong naka tulala at nakaluhod parin. Iyak lang ako ng iyak ng dahil sa sakit na nararamdaman ko.

Nakipag break siya sakin dahil sa nasasakal na siya? Ako kasi yung klase ng tao na 24/7 gusto kong magka text kami, yung taong laging nagtatanong kung san siya magpupunta, kung kumain naba siya, kung sino ba kasama niya. Ako din yung klase ng tao na gusto ko gawin niya to, gusto ko ganto siya. Kaya lang naman ako ganun kasi mahal ko siya eh. At ayokong mawala siya sakin. Nung una, natutuwa siya kasi napaka caring ko daw. Pero hindi ko alam, habang tumatagal, nag sasawa rin pala yung mga tao. Yung mga bagay na naging dahilan para mahalin niya ko, eh yun din yung mga naging dahilan para iwan niya ko.

Ilang minuto pa akong nakaluhod dun, hanggang sa itayo na ko ng mga security guards. Sa loob ng mall, sa harap ng maraming tao, sinabi niya sakin ng harap harapan na hindi niya na ko mahal. Ang sakit diba? Pero alam mo kung anong mas masakit? Eh yung nag iisa ko pang best friend yung gusto niyang ipalit sakin. Dati naman, tuwing nag aaway kami, pinipilit parin naming intindihin yung isa’t isa. Pero simula nung mga nakalipas na araw, nung nahuli ko silang magkayakap ng best friend kong traydor, eh parang unti unti na siyang sumusuko sakin.

Lumabas ako ng mall na tulala parin habang naglalakad. Gabi na at umuulan pa. Summer ngayon, pero umuulan ng sobrang lakas. Hindi ko alam kung nakikisama ba yung panahon sa nararamdaman ko o ano eh. Naglakad lang ako ng nag lakad na hindi alam kung san pupunta, na walang pake kahit nababasa na ng ulan. Wala din akong pakialam kung magkasakit ako. Kasi baka pag nagka sakit ako, maawa siya sakin at balikan niya ko diba?

Naglakad ako hanggang sa maka abot ako sa bridge na nasa ibabaw ng isang river. Dito kami madalas na pumupunta ni Karl pag magkasama kami

dati. This is where we built our promises, our dreams together, and our love. Yung relationship namin, akala ko perpekto na. Akala ko ayos na lahat. Akala ko wala ng magpapahiwalay samin. Pero AKALA ko lang pala lahat ng yun. Dahil sa isang iglap, pwedeng mawala yung taong AKALA mo, siya na.

Huminga ako ng malalim. Umiiyak parin ako at umuulan parin ng malakas. Kumapit ako sa mga tali ng bridge at umiyak parin ng umiyak. Naalala ko tuloy kung pano ko nakilala si Karl….

**FLASH BACK**

**“Hoy Tine! Bakit sabi mo samin, may daddy ka?! Eh sabi naman nung mama ko, wala ka namang daddy! Iniwan kayo ng daddy mo diba?! LIAR!!”** sigaw nung schoolmate ko nun nung elementary pa ko.

**“M-may.. M-ay D-addy a-kko!”** sigaw ko sakanila habang nanginginig yung boses ko ng dahil sa kaka iyak.

**“Kung may daddy ka, nasan siya? Bakit hindi namin siya nakikita? Kasi iniwan niya kayo diba? Kawawa ka naman! Wala kang daddy! Tapos nag sisinungaling ka pa na meron!”**

**“Tine, Liar! Tine for super Thin! Ang payat mo pa, wala ka nabang makain dahil wala kang daddy ha?”**

Hindi nalang ako lumaban nun, dahil totoo naman yung mga sinasabi nila. Wala akong daddy. Kahit kelan, wala akong nakilalang daddy. Ni hindi ko manlang siya nakita dahil iniwan niya kami nila mama at baby Nathan nung mga bata pa kami. Iyak ako ng iyak hangga't sa may dumating na batang lalaki na may hawak hawak na cotton candy. Sinigawan niya yung mga batang babae na nang bubully sakin.

**"Eh ano naman kung wala siyang daddy? Andito naman ako para sakanya! Tsaka kayo, may mga daddy nga kayo, pero bakit ang sasama parin ng ugali niyo?! Siguro, may daddy nga kayo, pero hindi naman kayo natuturuan ng kung anong tama sa mali!"** natauhan yung mga babaeng bully at isa isa silang umalis.

Hinawakan nung batang lalaki yung kamay ko, at pinunasan yung mga luha ko gamit yung uniform niya. Nakita ko na may nakasabit na name tag sa leeg niya. *'Karl'* yung nakalagay. Karl pala yung pangalan niya, bagay sakanya.

**"Wag ka ng umiyak. Alam mo ba, wala rin akong daddy kaya naiintindihan kita. Nasa ibang bansa siya at nagtatrabaho kaya hindi namin siya kasama."**

**"Eh? Iba naman yung sitwasyon mo. Nasa ibang bansa siya para mag trabaho para sainyo. Samantalang ako? Wala talaga. Hindi ko manlang siya nakilala."**

**"Wag ka ng mag alala. Wala ka mang daddy, andito naman ako para sayo. Eto cotton candy oh. Wag ka ng umiyak."** Sabay abot niya sakin

ng hawak niyang cotton candy. Pink yun, at favorite color ko kaya tinaggap ko narin.

Pag tapos nun, araw araw na kaming nagkakasama. Halos hindi na kami mapaghiwalay ng mga tao sa paligid namin. Hanggang sa mag high school kami, parehas kami ng pinasukang school. Ilang Christmas, New year, summer yung nag daan na magkasama kami. Hanggang isang araw nagtapat siya sakin na gusto niya raw ako. Na gusto niya raw ako maging girlfriend. Pumayag ako ng dahil sa gusto ko rin naman talaga siya. Mahal ko narin naman talaga siya nung mga panahon na yun. At yun na yung naging simula ng araw na naging sobrang saya ko. Ng dahil sa sobrang saya, hindi ko na naisip na pwede pa palang dumating yung araw na to. Yung araw na iiwan nya rin ako.

**END OF FLASH BACK**

Ang pinag tataka ko lang, alam niyang wala akong daddy, alam niya yung pinagdaanan ko. Pero bakit niya ko nagawang saktan ng ganito? Bakit niya ko nagawang iwan ng ganun nalang? Nang dahil sa sobrang sakit, napasigaw nalang ako.

**"AYOKO NA! ANG SAKIT SAKIT NA! AYOKO NA!!!"** sigaw ako ng sigaw. Hangga't sa may humawak sa braso ko at hinila ako. Ng dahil sa pagkakahawak niya sa braso ko ng bigla bigla, parang na out of balance ako at muntik na kong mahulog. Buti nalang hinawakan niya na ko ng dalawang kamay at niyakap sabay hinila.

Bumagsak kaming dalawa sa sahig at nadaganan ko siya. Dahan dahan akong tumayo at may nakita akong lalaki na tayo tayo yung buhok. Mukhang bad boy at mukhang maangas. Mukhang rock star pa nga eh.

**"ANO BA! BAKIT MO BA KO HINILA!?"** sigaw ko sakanya habang unti unti narin siyang tumatayo.

**"Eh kasi magpapakamatay ka eh. Alam mo namang hindi yan yung sagot sa mga problema diba?!"**

**"At sino naman may sabing magpapakamatay ako?! SIRA KA BA?! Muntik na kong mahulog ha! Alam mo bang pwede kitang kasuhan sa ginawa mo?!"**

**"Eto naman. Ikaw na nga tinutulungan, ako pa tong masama!! Eh bakit ba kasi nagsisisigaw ka dyan?! Ano bang problema mo?!"**

**"WALA KA NG PAKIALAM! Kakasuhan kita! Lawyer yung daddy ko alam mo ba yun? Pwede kang makulong!"** napahinto naman ako ng makita kong nakatitig siya sakin ng seryoso. Tinitignan niya ko sa mga mata, kaya umiwas ako ng tingin. Siguro nahalata niya na nagsisinungaling ako. Pano naman magiging lawyer yung daddy ko, eh wala nga akong daddy?

**"Okay. Ganito nalang. Pag babayaran ko nalang yung ginawa ko na muntik muntik ka ng mahulog. Etong natitirang isang buwan ng summer, sasamahan kita sa lahat ng gusto mo. Alam kong may problema ka, kaya ituring mo ko na best friend mo sa buong summer na to. Sasamahan kita sa kahit saan. Sa kahit saan mo gusto. Game?"**

Medyo natuwa ako at nabuhayan ako sa alok niya na yun. Yes, kailangan ko nga siya. I need him. I need someone to be with for the rest of my summer days lalo na ngayon na wala na si Karl para makasama ko. At ang mas masakit pa dun, wala narin yung traydor kong best friend na si Andrea para sakin. Parehas nilang alam yung tungkol sa pinagdaanan ko. Yung tungkol sa daddy ko, pero still, nagawa parin nila kong saktan.

Siguro itong stranger sa harap ko, kung wala akong sasabihin na tungkol sakin, baka hindi niya ko iwan. Pero hindi parin nawawala yung galit ko para sa mga lalaki. From my biological father to Karl. Hinding hindi ko kakalimutan na itong tao sa harap ko, eh lalaki rin.

That night, that one rainy summer night. I started my..

*30 days of summer with him.*

# CHAPTER 2

Nung nakilala ko si Mr. Stanger kagabi, nalaman ko na Patrick pala yung pangalan niya. Nagpalitan kami ng number para macontact namin yung isa’t isa. Siguro naman kahit anong ipagawa ko sakanya, gagawin niya dahil sa naguguilty siya sa muntik niyang pag patay sakin! Pero kahit muntik na kong mahulog kagabi, medyo hiniling ko na sana nga nahulog nalang ako para namatay na ko at hindi ko na nararamdaman tong gumising ng umaga na narerealize kong break na kami. Hindi parin nag sisink in sa utak ko, na tuluyan niya na kong iniwan.

Tinignan ko yung phone ko, at walang text galing kay Karl. Tinawagan ko rin siya, pero hindi macontact yung number niya. Hindi kaya nagpalit na siya para hindi ko na siya makulit? Ganun naba siya kaseryoso na lumayo sakin?

Binasa basa ko pa yung mga messages namin dati. Sobrang sweet niya na akala mo araw araw niya kong nililigawan.

Message 1

Date:  December 18, 2012

From: Karl <3

Baby, Good Morning. Bangon na at baka malate ka na naman sa date natin. :D I love you ganda. :*

Message 2

Date: December 23, 2012

From: Karl <3

Hey Baby. Matulog kana kasi maaga akong pupunta diyan bukas para makita ka. Namimiss na kita agad kahit kaka kita lang natin kanina. Sana palagi nalang kitang katabi para hindi na kita namimiss. =(

Message 3

Date: December 25, 2012

From: Karl <3

Sobrang saya ko ngayon dahil pang ilang pasko na natin to magkasama. Merry Christmas Baby! Salamat sa gift, sana magustuhan mo yung gift ko sayo. :D HEHE. Love you! :* :*

Message 4

Date: January 4, 2013

From: Karl <3

HAPPY MONTHSARY! 1 year and 9 months na tayo. Konting konti nalang, mag 2 years na tayo. Hindi ko na ata nakikita yung sarili ko ng wala ka. I LOVE YOUUUU! Date mamaya ha? :D

Message 5

Date: January 26, 2013

From: Karl <3

Sorry ha. Hindi kita mahahatid later, medyo busy kasi talaga eh. Pero sana mag ingat ka.

Message 6

Date: February 2, 2013

From: Karl <3

Bakit ka ba nagagalit sakin? Hindi lang naman ako nakakapag text kasi busy ako eh. Mahirap bang intindihin yun? Bakit pag ikaw yung busy, pinipilit kong intindihin. Bakit pag ako, hindi mo maintindihan?! Mamaya kana nga kasi tumawag.

Message 7

Date: February 4, 2013

From: Karl <3

Sorry ha. Na late ako kanina sa date natin, pero happy monthsary. Sana nag enjoy ka sa araw nato.

After nung text niya na yun, lahat na ng text niya cold na. April 4, 1 year and 11 months na kami, pero hindi siya nakapunta sa bahay dahil magka away kami. April 22, kahapon, dun siya nakipag break sakin. Ang sakit diba? Konting araw nalang, malapit na kaming mag 2 years, pero wala eh. Wala na siya.

Naramdaman kong umiiyak na naman ako kaya tinago ko na yung cellphone ko sa ilalim ng unan ko at umiyak nalang ng umiyak. Hangga't sa maya maya, nakaramdaman ako ng pag vibrate mula sa ilalim ng unan ko. May tumatawag! Hindi kaya si Karl yun at nakikipag balikan na sakin?

Agad agad kong kinuha yung phone ko at nakita kong tumatawag si Patrick. Yung nakilala ko kagabi, siya lang pala eh.

**“H-hello?** *sniff* *sniff*”

**“Uy! Napatawag ako kasi baka umiiyak ka na naman—tama pala ko. Hindi ko na tatanungin kung anong problema mo dahil baka ayaw mong pag usapan. Instead, aayain nalang kitang lumabas ngayon gaya ng usapan natin. Ano, ayos lang ba?!”**

**“A-ayoko.. Wag ngayon. Wala ako sa mood..”**

**“Hay. Alam mo, pag umiyak ka dyan ng umiyak, anong mangyayari sayo? Babalik ba siya?”**

**“PWEDE BA! HINDI NAMAN KASI IKAW YUNG NAKAKARANAS EH! KAYA ANG DALI MONG MAGSALITA NG GANYAN! OKAY FINE!! Magkita tayo sa T.G.I Fridays, Lilibre mo ko ng kahit anong i-oorder ko! UNDERSTAND!? 3 pm dapat andun ka na. Pag wala ka dun, patay ka talaga sakin!!”** sabay baba ko ng cellphone. Nakakainis. Pero at the same time, medyo natuwa ako kasi tinawagan niya ko at willing talaga siyang gawin yung promise niya sakin sa loob ng summer days. Buti pa siya, kahit stranger, marunong tumupad ng promise.

Nag bihis ako at agad na pumunta sa restaurant na pinag usapan namin. Nauna ako dun at wala pa siya. Tinignan ko yung orasan, 3:02 pm. Sabay nakita ko siya na tumatakbo na hingal na hingal.

**“Uy kanina ka pa ba?!”**

**“SABI KO 3 PM DIBA?”**

Tumingin siya sa relo niya, **“3:03 palang naman ah?!”**

**“Late ka ng 3 mins. At dahil late ka ng 3 minutes, mag push up ka sa sahig ng tatlong beses!”**

Nagulat siya sa sinabi ko. **“Dito talaga? Pwede bang—“**

**“Bilisan mo kasi pag nag 3:04 na, apat na yan!”**

Nagulat ako kasi bigla siyang dumapa sa sahig at nag push up ng tatlong beses. **“Ma’am, 3 pushups, done ma’am!”** tapos sumaludo pa siya na parang sira.

**“GOOD!”** tapos pumasok na ko sa restaurant at sumunod naman siya. Umorder ako ng special sa menu nila kahit may pagka mahal yun, hindi naman siya nagrereklamo sa hindi malaman na dahilan. Palagi lang siyang nakatingin sakin, tapos naka ngiti. Problema nito?

Nung makarating na yung order namin, napapansin kong habang kumakain ako, naka tingin parin siya sakin kaya naman tinaasan ko na siya ng kilay.

**“Huy! Anong problema mo!? Bakit kanina ka pa nakatingin? Dahil ba mukhang mas masarap pa ko sa pagkain dito, kaya sakin ka nakatingin?!”**

Halos maibuga niya naman yung iniinom niya at tinawanan ako. **“HAHAHAHA! Ang lakas mo talaga mag joke. Ang takaw mo kasi eh, ang taba ng pisngi mo! Para kang biik. Pero wag ka mag alala, hindi ako nagkaka interes sa double dead na biik!”** tapos tawa parin siya ng tawa kaya sinikmuraan ko siya.

**“SINONG BIIK?!”**

**“eh? Sabi ko nga eh, para akong biik.”** >__< sabi niya sa sarili niya sabay subo ng steak.

**“Nauuhaw pa ko. Akin nalang yang iced tea mo!”**

**“Ha? Nauuhaw ka pa? gusto mo bang umorder pa ko ng iced tea?”**

**“Ayoko. Akin na yang iced tea mo, tapos mag tubig ka nalang.”** Napangiti na naman siya sakin at kusang loob na inabot sakin yung iced tea niya. Ano bang problema nito? Bakit hindi manlang siya nagagalit sakin? Bakit ang bait niya sakin?

**“Anong nginingiti ngiti mo dyan?!”** sabay nanlilisik yung mata kong tumingin sakanya.

**“Hahaha! Wala lang. Kasi gusto mo yung iced tea ko eh, ibig sabihin, gusto mo ko ma indirect kiss! Nak ng tokwa! Hindi mo naman sinabi sakin na madali ka palang ma in love.”** Binatukan ko naman siya this time.

**“Pinag lolololoko mo ba ko?! Sige. Iyo na yang iced tea mo. Binibigyan kita ng 3 seconds na ubusin yan. Pag hindi mo naubos, oorder pa ko ng tatlong pitchel at hindi tayo aalis dito hangga’t hindi mo nauubos yun!”**

**“Ha? Uy teka lang. Sige go! Timer starts nowww!!”** tapos isang lagukan niya lang yung iced tea at naubos niya agad. Tapos ngumiti agad siya sakin.

Sa mga ngiti niyang yun, parang okay lang sakanya lahat ng pinapagawa ko. Okay lang ba talaga sakanya o ginagawa niya lang to dahil naaawa siya sakin? Siguro alam niyang malungkot ako, kaya sinusubukan niyang pangitiin ako. Pero sorry, siguro kahit kelan, hindi na ko makaka ngiti ng ganun ulit.

**“Tumayo ka na dyan! Wag mo ko ngitian! Magi ice cream tayo!”** nauna na kong tumayo at naglakad papalabas ng restaurant, sumunod naman siya sakin pag tapos niyang magbayad.

**“Bakit ayaw mong ngitian kita? Type mo ngiti ko noh?”**

**“Hindi. Ang panget mo kasing ngumiti eh.” =__=**

**“Weh? Marami kayang nagsasabing, pogi ako!”**

**“Wag ka maniwala sakanila. Katotohanan ang magpapalaya sayo. Binobola ka lang nila, Malaya kana!”**

**“Weh? Pero sabi din ni mama, pogi ako eh.”**

**"Mahal ka lang nung mama mo, ayaw ka nyang masaktan. Kaya nasasabi nya yung mga bagay na yun. Ganun talaga pag mahal mo yung isang tao. Kahit ano gagawin mo para lang hindi siya masaktan.”**

**“Ang lalim naman nun! Basta naniniwala parin ako. Pogi ako!”** sabi niya with confidence in his self. Tinignan ko siya ng masama.

**“Pag sinabi kong panget ka, panget ka. Naiintindihan mo?!”**

Napakamot nalang siya sa ulo niya. **“Okay fine. Panget ako! Panget ako! Okay naba?”**

**“Bumili ka ng ice cream. Mag aantay ako dun.”** Sabay turo nung benches na nasa tabi ng daan. **“Bilisan mo ha!”**

Tapos naglakad na ko papunta sa benches na yun. Alam kong ang sama ko ng dahil sa mga ginagawa at sinasabi ko sakanya. Pero kasi, natatakot na kong mapalapit sa tao. Natatakot na kong masaktan ulit. Natatakot na kong iwan ulit. Baka kasi mapalapit ako sakanya, at after ng summer, masaktan na naman ako. Pwedeng pwede naman niya kong iwan kung kelan niya gustong sumuko eh. After all, lahat naman sila, sinusukuan ako diba? Siya pa kaya, na hindi niya naman ako ganun kakilala.

Maya maya, tumabi na siya sakin dala dala yung ice cream. Napansin kong ang laki nung scoop nung akin, tapos ang liit lang nung scoop nung kanya.

**“Bakit ang liit lang ng scoop ng sayo?!”**

**“Ha? Eh kasi hindi ako mahilig sa ice cream. Try ko lang tong bagong flavor nila.”** Hinigit ko yung ice cream na hawak niya, at pinalit yung hawak ko.

**“Yan yung kainin mo. Simula ngayon, matuto ka ng maging mahilig sa ice cream dahil mahilig ako dyan! Naiintindihan mo?!”**

**“Yes ma’am!”** tapos sumaludo pa siya sakin ng naka ngiti sabay kinain niya yung ice cream. Bakit ba ang bait niya kahit parang bad boy yung itsura niya? Hindi ba siya marunong magalit?

Kumain nalang din ako ng ice cream at may nakita akong manong na nag tapon nung balat ng candy niya sa sahig. Napatayo ako at lumapit dun sa manong.

**“Hoy! Manong! Baka gusto mong pulutin yang kalat mo?!”**

**“May mag wawalis naman dyan eh!”**

**“Ah ganun?! Umaasa ka sa mag wawalis? May katulong ka dito?!! PANOT KA NA NGA, TAMAD KA PA!”**

**“Aba! Loko tong batang to ah!”** sasampalin niya na sana ko ng hawakan ni Patrick yung kamay niya.

**“Wag mo nyo na pong patulan. Babae eh! Para walang away, tinapon ko na yung balat ng candy! Ayan oh! Wala na!”** tinignan ko naman ng masama si Patrick.

**“Bakit mo tinapon?! Siya dapat gumawa nun!!!”**

**“Wala na Miss. Okay na? Wala na? Natapon na?! Antipatikang bata!”** sabay lakad papaalis nung manong.

**“Antipatikong panot to!”** tapos padamog akong naglakad pabalik sa kinauupuan namin kanina. Umupo din ng dahan dahan si Patrick sa tabi ko at nakita kong parang natatakot siya sakin.

**“BAKIT MO GINAWA YUN?!”** halos mapatalon siya sa kinauupuan niya ng dahil sa sigaw ko.

**“Eh sa ayoko lang na mapa away ka. Hayaan mo na yun..”**

**“Hindi ko ginawa yun dahil gusto kong mapa away. Ginawa ko yun kasi mali siya. Yan ang hirap sa tao eh. Inaakala nilang okay lang na gumawa sila ng isang bagay dahil hindi naman sila maaapektuan, pero ang di nila alam, yung ibang tao yung mag susuffer sa mga bagay na ginagawa nila!”**

**“Okay na. Okay na po komander! Tapos na po..”** mahinahon niyang sabi sakin. Tinarayan ko lang siya at kumain na ulit ng ice cream.

**“Pinapa init niya ulo ko! Maglaro na nga lang tayo.”**

Nasiglahan siya at humarap agad sakin. **“Game! Tagu taguan ba? Anong laro?”**

**“Tigilan mo ko! Ano ka? Bata?! Tagu taguan?!”**

**“Eh ano bang laro gusto mo?”**

Napatingin ako sa mga taong dumadaan. May nakita naman akong kotseng pumarada sa harap namin.

**“Pag babae yung bumaba sa kotse na yan, pipitikin kita! Pag lalaki, ikaw pipitik sakin!”**

**“Ha? Eh ano—“** hindi pa siya nakakatapos sa sasabihin niya ng bumaba na yung babae sa sasakyan. Pinitik ko agad siya sa pisngi at medyo namula yun.

**“Aray kupo! Kailangan ko ata mag gym muna pag kasama kita para may energy ako eh. Malamang talaga babae bababa sa kotse na yun, color pink eh!”**

**“May inaangal ka?!”**

**“Hindi, Sabi ko nga ang cool ng laro natin eh!” -__-**"

-----------

**Patrick’s POV**

Nung araw na makita ko kung gano siya kalungkot, dun nag simula yung araw na sabi ko sa sarili ko, gagawin ko lahat para mapasaya ko yung taong to. May problema siyang ayaw sabihin, pero hindi ko siya pipilitin dahil baka hindi pa siya handang sabihin sakin.

Nakita ko sa mga mata niya kung gano siya kalungkot. Ganung ganun yung mga mata nung babaeng minahal ko, pag umiiyak siya. Kaya hindi ko siya kinayang iwan ng ganun ganun nalang. Kailangan niya ko, at kahit na complete stranger kami sa isa't isa, nag promise ako na sasamahan ko siya sa lahat ng bagay sa natitirang summer days. Gusto ko na sa kahit sandaling yun, matulungan ko siya.

Bossy pala siya. As in sobrang CONTROL FREAK! Dapat ganito, dapat ganyan ka. Pero ayos lang, iniintindi ko siya dahil baka eto yung way ng pag labas niya ng nararamdaman niya. Malungkot siya eh. Sa likod ng pagiging matapang niya, andun yung malungkot na sarili niya. At kahit itago niya yun, nakikita ko yun tuwing tumitingin ako sa mga mata niya.

Naglaro kami nun. Weird na laro na pipitikin niya ko tuwing babae yung lalabas sa sasakyan, at pipitikin ko naman siya pag lalaki. Sa lahat ng kotse na dumaan sa harap namin, hindi ko malaman kung bakit ba puro babae yung bumababa. Diba rare lang naman yung driver na babae at karaniwan lalaki? Pero bakit pag kasama ko siya, parang nag iiba lahat.

Nagpa pitik nalang ako ng nagpa pitik sakanya. Baka sakaling mawala yung lungkot niya pag ganito. Sana manlang pag natapos tong summer namin na magkasama, eh kahit isang beses lang, makita ko siyang ngumiti.

# Chapter 3

**“Hello? Napatawag ka? Ang aga aga.”** Sabi ni Patrick sa halatang kakagising palang na boses. Nag init naman yung ulo ko ng dahil sa parehas sila ni Karl ng routine. Tanghali na kung magising. Galit ako sa lalaking batugan at walang ibang ginawa kundi humilata sa bahay.

Sinigawan ko naman agad siya, **“ANONG ANG AGA AGA? KALAHATING ARAW KA NG TULOG! TANGHALING TAPAT NA! BANGON NA! WAG KANG BATUGAN DYAN SAINYO!”**

**“Waaaah. Relax! Babangon na po kumander! San po ba lakad natin ngayon?”**

**“Gusto ko mag star city. Dapat 4 pm, andun ka na ha! Kundi patay ka sakin! Kung ilang minutes ka late, ganun ka daming beses ka rin tatakbo paikot-ikot sa star city! Naiintindihan mo?!”**

**“COPY MA’AM!”** tapos binaba ko na yung cellphone.

Malungkot talaga ako ngayon kaya nag decide akong mag star city. Sana kahit sandali lang, makalimutan ko yung sakit. Ilang araw narin kaming walang communication ni Karl. Kahit ng traydor kong best friend na si Andrea! Hindi kaya nagkakasama sila? Medyo nainis at nag init na naman yung ulo ko sa thought na yun. Mas mabuti narin sigurong hindi pa kami

nagkakasalubong ng landas ni Andrea, dahil baka kahit sa harap ng maraming tao, tamaan siya sakin!

Nakarating ako ng 3:30 sa star city, 30 minutes akong maaga. Pero nagulat ako ng makita kong andun na agad si Patrick at naka upo. Kanina pa ba siya dito? Bakit parang ang aga niya?

Nung makita nya ko, lumapit agad siya sakin na may malaking ngiti sa mukha. **“Hi kumander! Maaga po ako ngayon para hindi napo kayo magalit sakin. Ano, tara na?”**

Nagulat ako sa sinabi niya. Minsan, nag tataka na talaga ko sa lalaking to eh. Bakit niya ginagawa to? Bakit niya pinapakitang okay lang sakanya kung hindi naman talaga? Parang si Karl. Pinapakita niya sakin nun na okay lang lahat, pero hindi naman pala talaga. Tapos isang araw, basta niya nalang akong iiwan. Tama na nga muna kakaisip sa lalaking yun, naghahalong inis, lungkot, galit lang nararamdaman ko eh.

Pumasok na kami sa star city at una kaming nag surf dance. Kapit na kapit kami sa rides at parehas kaming sigaw ng sigaw na halos mapaos na kaming dalawa. Okay to, nagagawa kong sumigaw at malabas yung nararamdaman ko.

After nun, nag bump cars kami. Bump boats, wild river, Viking, snow world at nung sa star flyer na, sigaw kami ng sigaw dahil ang taas nun. Nung medyo naramdamn kong nahihilo na ko ng dahil sa dami ng rides na sinakyan namin, inaya ko na siyang mag horror house muna.

**“Ah? Kumander, sure ka bang dyan tayo? Hmm.. A-anoo.. G-gusto m-monng kumain muna?”** nauutal niya pang sabi sakin. Bakit bigla siyang nanginginig? Wag nyo sabihing.. takot siya sa horror house?

**“Yung totoo, takot ka ba sa multo?!!”** tapos tinignan ko siya ng masama.

Medyo matagal siya bago naka sagot. Confirmed, takot nga siya sa multo.

**“H-ha? H-hinddi.. p-ero.. kasi..”** hindi ko na pinatapos yung sasabihin niya at hinigit na siya papasok sa loob.

Habang naglalakad kami sa loob ng horror house, napapansin kong ang higpit ng hawak niya sa braso ko. Tapos medyo nagtatago pa siya sa likod ko.

**“Huy! Takot ka ba?! Kalalaki mong tao, takot ka sa multo? May pa bad boy bad boy image ka pa, takot ka naman pala! Bakla ka ba?!”**

**“Wag ka na maraming salita. Maglakad ka nalang. Lumabas nalang tayo dito”** sabi niya habang nagtatago parin sa likod ko.

Huminto ako sa paglalakad at tinignan ko siya. Nakahawak parin siya ng mahigpit sa braso ko.

**“Huy.. Nasa labas naba tayo? Bakit ka huminto?”** takot na boses na sabi niya sakin. Ang higpit parin ng hawak niya sa braso ko. Medyo natatawa naman ako kasi ang cute niya tignan na para siyang bata. May naisip tuloy akong kalokohan.

**“Gusto ko ng souvenir dito eh.”**

**“Wag ka mag alala, bibili tayo sa labas. Lakad lang!”**

**“AYOKO. Gusto ko ng picture sa loob nito! Dun ka dali! Mag pose ka. Pipicturan kita!”**

Medyo napausod naman siya. **“Ha? Bakit?”**

**“KASI GUSTO KO. PAG HINDI KA NAG POSE SA TABI NUNG MULTO NA YUN, IIWAN KITA DITO AT ISASARADO KO YUNG EXIT!”**

**“Teka lang.. gagawin ko naman eh..”** tapos dahan dahan siyang tumabi dun sa multo na panakot dito sa horror house.

**“Mumulat ka!”** nakita ko kasing naka pikit siya habang nakatabi dun sa multo.

**“Teka lang, Eto na!”** mumulat siya at natatawa nalang ako habang pinipicturan ko siya. May flash para makita kahit madilim. Bawal mag picture dito sa loob, pero wala akong pake.

**“Tapos na ba? Okay naba?”** paulit ulit na tanong niya sakin.

**“Oo! Tapos na! Halika na nga, baka maihi kapa sa takot dyan eh!”** tapos lumabas na kami ng horror house at nag decide kami na kumain muna.

Habang kumakain kami, tinitignan ko yung mga pictures namin sa camera niya. Hindi ko talaga mapigilang hindi matawa pag nakikita ko yung picture niya na katabi yung multo. Takot na takot yung mukha niya na parang bata.

**“HAHAHA! Grabe! Wala naman akong sinabing wacky yung kailangan sa picture, pero bakit naka wacky ka? Kalalaki mong tao, takot ka sa multo!”**

**“Okay lang..”** huminto siya sandali tapos tinusok yung siomai at kinain yun.

**“Okay lang na takot ako sa multo, at least ng dahil sa takot ko sakanila, nakita kitang ngumiti.”** Seryoso niyang sabi sakin.

Inaantay niya ba kong ngumiti? Napansin ko nga yun. Simula nung nawala sakin si Karl, hindi na ko ngumingiti. Dati naman, madalas akong naka ngiti

kahit saan ako pumunta. Pero bakit nung nawala si Karl, parang sinama niya na yung mga ngiting yun?

Naiiyak na naman ako kaya tumayo na ko. **“Gusto ko mag ferris wheel! Bilisan mo kumain!”**

After ng mahabang pila, sumakay narin kami sa ferris wheel. Dahan dahan kaming umaangat. Tumitingin siya sa ilalim at naka ngiti lang siya.

**“Ang ganda dito sa taas no! Kitang kita mo lahat.”** Sabi niya na may kasamang sobrang laking ngiti.

**“Maganda nga. Pero alam mo bang yung ferris wheel.. parang buhay ng tao?”**

Napatingin naman siya sakin. **"Pano mo naman nasabi?"**

**"Kasi pag nasa taas ka, nagiging masaya ka. Pero maya maya lang, mapupunta ka na ulit sa baba at matatapos na yung sayang yun. Magiging malungkot ka na ulit."**

Tumingin naman siya sakin at huminga ng malalim**. “Siguro kaya ganun, kasi pag pinag patuloy mo pang umikot ng ilang beses dito, mahihilo ka. Mapapagod ka. Ganun ang buhay eh, dapat mong marealize kung gano kaganda yung naging adventure mo habang nasa taas kapa. Hayaan mo kasi pag tapos naman ng ride na to, pag dating mo sa**

**baba, dadating yung crew para tulungan kang makalabas. Para tulungan kang maka alis. Parang ako, tutulungan kitang maka alis sa lungkot na nararamdaman mo. Hayaan mong maging ako yung crew na yun.”**

Hindi nalang ako sumagot sakanya at sumandal nalang ako sa balikat niya. **“Sa May 4, sana present yung crew na yun. Gusto kong maghanda siya para sakin. Gusto kong samahan niya ko sa araw na yun. Gusto ko ng fireworks, gusto ko maging masaya. Ayokong mag isa sa araw na yun. Kaya kung hindi mo ko mapapasaya sa araw na yun... PATAY KA SAKIN!”**

Hinaplos niya lang yung buhok ko tapos sumagot. **“Yes kumander, copy.”** Magdamag lang akong nakasandal sa balikat niya na yun. Magkasama kaming nag antay hanggang sa makarating kami sa baba.

May 4, 2nd anniversary namin. Hindi ko alam kung kaya ko pa bang harapin yung araw na yun na wala siya. Miss na miss ko na talaga siya. Gustong gusto ko na siyang makita at makayakap ulit.

Gusto kong sabihin niya sakin na mahal niya parin ako, na nagsisisi na siya sa ginawa niyang pag iwan sakin. Pero parang umaasa na naman ako sa wala. Buti nalang, nakilala ko si Patrick. Buti nalang, handa siyang maging crew para tulungan ako habang nasa pinakababang parte ako ng buhay ko.

## CHAPTER 4

May 4

Nagising ako ng mugto yung mata. Hindi kasi ako makatulog kagabi sa kakaiyak eh. 2 years! EXACTLY 2 years. Ilang araw narin siyang hindi nagpaparamdam sakin. Hindi ko rin siya macontact. Nasan kaya siya? Eto na ata yung pinaka matagal na panahon na hindi kami nag uusap. Naaalala niya pa kaya ko? Namimiss niya pa kaya ko? Ni minsan kaya, sumagi pa ko sa isip niya?

Date: May 4, 10:32 am.

From: Patrick

GOOODMOORNIINGGG! Pag basa mo nito, lumabas ka agad sa bahay nyo. Yumuko ka, at may makikita ka dun kumander! :D

Tumakbo agad ako papalabas ng bahay ng mabasa ko yung text na yun. Pag bukas ko ng pinto, yumuko agad ako at may nakita akong puppy na sobrang liit at fluffy. Napangiti talaga ko ng abot tenga nung makita ko yun. Binuhat ko agad siya at may nakasabit sa collar niya.

*"Wala akong mahanap na biik na pwedeng ibigay sayo eh, kaya sana etong aso nalang. Cola ipangalan mo sakanya ha. Aantayin kita sa bridge kung saan tayo unang nagkita. – PAT"*

Medyo natawa naman ako sa note na yun dahil ang panget ng lettering, pero ayos lang. At least nag effort siya kahit papano. Nalaman niya kung saan ako nakatira dahil hinatid niya ko sa labas ng bahay pag tapos namin mag Star City.

Nag bihis na ko nung mga 5 pm na. Magdamag kong nilaro si Cola ng dahil sa sobrang cute at fluffy niya. Mahilig talaga ako sa puppy eh. Hindi ko nga alam kung bakit alam ni Patrick.

**"Colaaaaa! Yuhuooo! Lalabas lang muna yung mommy mo ah. Babalik din ako."** Lumapit sakin yung puppy tapos parang nag sad face na parang nagmamaka awa na isama ko siya.

**"Ma. May pupuntahan lang po ako sandali."** Pag papaalam ko kay mama na nasa kusina.

**"Oh anak, magkikita ba kayo ni Karl? 4 ngayon ha. Happy Anniversary sainyo."** Buong siglang sabi ni mama sakin. Halos manlumo naman ako nung marinig ko yun. Napa upo nalang ako sa dining chair at natulala sakanya. Pinipigilan kong pumatak yung luha ko, pero talagang ayaw tumigil eh. T_T

**"Tine, may problema ba?"**

**"M-maa.. B-break na po kami ni K-kaarl.."** habang umiiyak ako, sumampa sa lap ko yung puppy tapos tumayo para i-lick yung pisngi ko. Para bang kinocomfort niya ko.

**“Ha? Nak, sorry. Sorry talaga kasi hindi ko alam.”** Tapos lumapit sakin si mama at niyakap ako ng mahigpit. **“Sorry talaga. Akala ko kasi—pero kasi—ah, ano, kanino galing yung aso?”**

Alam kong hinahanap ni mama yung mga tamang salita para hindi ako masaktan, pero bakit ganun? Kahit anong pilit kong hindi umiyak, yun lang yung nangyayari. Pag hindi talaga naging maayos yung break up niyo, hindi din madaling makapag move on.

**“Sa kaibigan ko po. Patrick po pangalan niya, tinutulungan niya po akong makalimutan si Karl. Mabait po siya sakin, at iniintindi niya yung sitwasyon ko kahit kaka kilala ko lang sakanya kelan lang.”**

Napa buntong hininga naman si mama. **“Hindi dapat ginagamit yung ibang tao para makalimot Tine. Kasi darating yung araw na, kung hindi ikaw yung masasaktan, baka siya. Alam mo naman yung feeling ng masaktan diba? Hahayaan mo bang ikaw yung maging dahilan para din masaktan yung ibang tao?"**

**“Hindi po.”** Then I continued crying while my mom is hugging me tight at habang hawak ko din yung puppy sa lap ko. **“Pano po ba makalimot? Ma, pano niyo po ba nagawang kalimutan yung daddy namin?”**

Naramdaman kong may mga luha narin na pumapatak sa likod ko. Kahit hindi ko nakikita, alam kong umiiyak si mama. Si mama yung klase ng tao na matapang at malakas, yung klase ng tao na ayaw nyang makikita namin siyang umiiyak o nasasaktan.

**“Nakakalimutan mo yung pagmamahal mo sa isang tao, pag nag mahal ka ulit. Only true love can cure a broken heart. At alam mo kung sino yung nagpagaling sakin? Kayo ni Baby Nathan. Nagawa kong kalimutan yung daddy nyo ng dahil sa sobrang pagmamahal ko sainyo. Kailangan kong maging malakas, kasi ako nalang yung meron kayo. Kaya sobrang mahal ko kayo ni baby Nathan eh. Kasi alam kong kayo, hinding hindi nyo ko iiwan.”**

**“Opo Ma. Kahit kelan po, hindi namin kayo iiwan ni Baby Nathan."** After ng iyakan namin ni mama, nagpunta na ko sa bridge na pinag usapan namin ni Patrick. 6:30 pm na, at nakita ko siyang nakatayo at nakasandal sa railings ng bridge. Lumapit ako sakanya at tinap siya sa balikat.

**“Kanina ka pa?”**

**“Kararating rating ko lang din. Nagustuhan mo ba yung aso?”**

Bago ko siya sagutin, umupo muna ko sa bridge at hinawakan yung mga railings nun. Umupo rin siya sa tabi ko, tapos parehas kaming tumingin sa ilalim. Nakakalula. Ilang segundong katahimikan, hangga’t sa nag salita na ko.

**“Nagustuhan ko.”** Matipid kong sagot.

Bigla naman siyang sumigla. **“Hahaha! Naks! Ang galing ko talagang pumili ng aso. Cola pangalan nun ha. Ang cute no? Nung nakita ko yun, ikaw agad naalala ko. Trained dog yun. Nararamdaman niya pag nalulungkot ka, kaya gagawin niya lahat para icomfort ka.”**

Napatingin naman ako sakanya, at naka ngiti parin siya. Iniwas ko yung tingin ko sakanya dahil naiiyak ako sa sobrang kabaitan niya. Nagiging emotional na ata talaga ko these past few days.

**“Thank you.”**

**“Hindi mo kailangang magpasalamat. Diba nga ako yung crew sa ilalim ng ferris wheel? Obligasyon ko na tulungan ka.”** Napayuko ako ng marinig ko yun. Hangga’t sa magputukan yung fireworks at lumiwanag yung paligid naming dalawa.

Buwan buwan ko sinecelebrate yung araw na to kasama si Karl, pero ngayong araw na to, sa saktong 2 years namin, iba na yung kasama ko. Taong handang gawin lahat para lang mapasaya ko. Hindi ko nga alam kung bakit niya ginagawa to eh.

Nakatitig lang kami sa fireworks, at kahit medyo naiiyak ako, pinipigilan ko nalang at pinipilit kong ngumiti. Dapat maging okay na ko. Dapat maging masaya na ko. Kasi pagod na pagod nakong umiyak at maging malungkot para sa isang taong hindi ko alam kung ni minsan, naalala pa ko.

Nung matapos yung fireworks, sumandal ako sa balikat ni Patrick at pumikit.

**“Hindi mo naman obligasyon na pasayahin ako eh. Ginagawa mo to kasi naaawa ka sakin. Gusto mo bang malaman kung anong meron ngayon?”**

Medyo matagal bago siya umimik. **"Kung okay lang sayong sabihin sakin...."**

**"2nd anniversary namin ng ex boyfriend ko. Nag break kami last week, same day nung una mo kong makitang umiiyak dito. Alam mo bang lumuhod ako sa harap niya? Yun na siguro yung pinaka tangang ginawa ko sa buong buhay ko. Pero handa akong lunukin yung pride ko, wag lang siyang mawala sakin. Pero wala eh, tinapon niya lang lahat. Tinapon niya lang lahat ng pinag samahan namin. At alam mo kung anong MAS masakit? Pinag palit niya ko. Pero yung PINAKA masakit? Sa best friend ko pa."**

Naramdaman ko na umiiyak na ko kaya hinaplos haplos niya yung buhok ko.

**"Hindi ka dapat lumuhod sa lalaking hindi naman deserving sa pag luhod mo! Sinong lalaking makakatiis na maka kita ng babaeng umiiyak at nakaluhod sa harap niya? Hays. Alam mo, Time heals all wounds. Darating yung araw na makakalimutan mo rin siya. Hindi madali, hindi mo alam kung kelan, pero mag tiwala ka. Darating din yun. At habang inaantay mong dumating yun… nandito lang ako."**

Those three words made me feel secure. Made me feel hopeful. *'nandito lang ako.'* Nung marinig ko yun, bigla kong naramdaman na hindi ako mag isa. Na may taong andyan para sakin. Na may taong handang gawin lahat para lang mapangiti ako. Ang pinaka nakakatuwa pa, yung gumagawa nun, yung taong ilang araw ko lang nakilala.

We only met for about 1 week, pero parang ang lapit lapit na namin sa isa’t isa. Parang siya yung taong pinipilit akong intindihin, kahit sobrang hirap ko ng maintindihan.

# Chapter 5

Buong mag damag kaming nag lalaro dito sa time zone ni Patrick. Wala ata kaming balak umuwi. Nag basket ball kami, baril barilan, car racing at kung ano ano pa na halos lahat ng laro dito, eh nalaro na namin.

**“Waaa! Nakaka bored! Lahat ata dito nalaro na natin!”**

**“Edi mag basket ball nalang tayo ulit! Masaya yun!”** aya niya pa sakin.

**“Ayaw ko na. Nagsasawa na ko!”**

**“Gusto mo bang kumain muna?!”**

**“Ayoko din. Hindi ako gutom.”**

**“Hmm, anong gusto mong gawin?”** kalmadong tanong niya sakin kahit alam kong nakakainis na ko.

**“Gusto kong mag karaoke!”** sabay tumingin ako sakanya at tumango naman siya sakin.

**“Okay. Hindi mo na maitatanong, magaling akong kumanta!”** Sinamahan niya ko papasok sa isang booth ng karaoke. Kinuha ko yung song book tapos namili ako ng kakantahin. Hangga’t sa makita ko yung theme song namin ni Karl. Baby girl by inner voices. Pinindot ko yung buttons and nag play na yung kanta. Inabot ko naman kay Patrick yung microphone.

**“Kantahin mo yan.”**

**“Yes kumander!”** tapos kinuha niya yung microphone at nag simula ng kumanta. Naka titig lang ako sakanya habang naka titig lang din siya sakin.

**“There are times when I look in your eyes**

**I see the love that we share, I see the joy inside.**

**But I didn't see the feelings you hide**

**and now you’re saying goodbye cause your love has died..**

**And all I can think about is you.**

**The way you say you love me too.**

**And everytime I close my eyes, I see your face.**

**My love can never be erased and you, can never be replaced.. Baby. Baby girl.. Why don’t you come back to me?”**

Habang kinakanta niya yun, naramdaman kong bigla bigla nalang tumulo yung mga luha ko. Naalala ko si Karl na kinakanta yun tuwing malungkot ako o tuwing nag aaway kami. Kelan niya kaya ako matatawag na baby girl ulit? Kelan kaya siya babalik sakin? Sabi niya sa kanta niya, *‘My love can*

*never be erased, and you, can never be replaced.'* Kung ganun, Nasan siya ngayon?

Bumalik lang ako sa senses ko ng i-stop ni Patrick yung kanta.

**"Wag na yun. Hindi maganda yung kanta. Pwede bang ako nalang yung pumili ng kakantahin ko?"**

Hindi ako umimik at pinunsan lang yung mga luha ko. Pumili siya sa song book ng kanta at pinindot niya na yung mga buttons. Nag flash sa screen yung kantang 'This I promise you' by Nsync.

**"When visions around you,**

**Bring tears to your eyes..**

**And all that surrounds you,**

**are secrets and lies.**

**I'll be your strength, I'll give you hope.**

**Keepin' your faith when it's cold.**

**The one you should call. Standing here all alone."**

*Naiiyak ako sa kinakanta niya, pero pinipigilan ko lang. Yung kanta niya kasi, parang tamang tama sakin. I can't thank him enough for being here for me. Kahit hindi niya naman ako ganun ka kilala, kahit sandaling panahon palang namin kilala isa't isa.*

**“And I will take you in my arms and hold you right where you belong.**

**Till the day my life is through..**

**This I promise you, this I promise you..”**

Nakatitig parin siya sakin. Tingin na parang nagaalala, all I can see is worry in his face. He is a kind person for being with me sa mga panahong iniwan ako ng mga taong akala ko never akong iiwan. Yung ex boyfriend ko, at ex best friend ko. In fairness, hindi ko maitatanggi na maganda nga yung boses niya. Pero ayoko lang yung tinititigan niya ko habang kumakanta siya. Kaya napahinto siya ng pindutin ko yung stop button.

**“Tara na! Hindi ako natutuwa sa boses mo kaya umalis na tayo.”**

Napakamot siya sa ulo niya, **“Eh? Isa pa. Last na! Grow old with you naman. Kanta yun nung idol ko na si Daniel Padilla. May nakapag sabi kasi sakin na kamukha ko daw yun eh!”**

Huminto naman ako sandali at tinignan ko siya. **“Hawig mo siya slight, pero pwede ba. Ayoko ng kumanta kapa. Nagugutom ako. Gusto ko ng ice cream!”** tapos hinila ko siya papalabas ng karaoke room.

*Ayokong kumanta kapa, kasi baka mahulog ako sayo. Natatakot lang akong hindi mo lang ako saluhin. At mas natatakot akong gamitin ka bilang panakit butas dahil katulad nga ng sabi ni mama, kung hindi ako ang masasaktan, ikaw. At ayokong mangyari yun.*

After namin maka ilang cup ng ice cream, nag shopping muna kami. Ginamit ko yung card na bigay sakin ni mama. Minsan ko lang naman magamit to, kaya sulitin na. Bumili ako ng mga bagong damit. Sapatos. Mga make up. Siguro napangitan na sakin si Karl, kaya baka pag gumanda na ko, bumalik siya sakin.

**“Uy! Ang dami dami mo naman atang binili?”** sita sakin ni Patrick habang hawak niya yung lahat ng paper bag na pinamili ko.

**“Gusto kong mag transform.”**

**“Ano ka, power rangers?!”**

**“Ano ka, sira ulo?!”** =__=

**“Bwahahaha! De joke lang. Eto naman. Pero bakit yung mga pinili mong damit, parang mga damit na hindi mo naman usually na sinusuot. Ginagawa mo ba to para—“**

**“Para ano!?!”** pasigaw kong tanong sakanya. Alam ko na kasi yung balak niyang sabihin eh.

**“De wala..”**

**“PARA ANO?!!!”** pinanlilisakan ko pa siya ng mata kaya wala na siyang nagawa kundi sabihin sakin.

**“Hmm, para maibalik yung ex mo?”** hindi ako nakapag salita ng dahil sa sinabi niyang yun. Humarap nalang ako sa sales lady at inabot yung sapatos na gusto kong bilhin. Mataas yung heels na yun, hindi ako nag heheels pero gusto kong subukan dahil palaging naka heels si Andrea. Yung pinalit niya sakin. Baka pag medyo nagka parehas kami ng itsura, bumalik na siya sakin.

**“Alam mo, kung mahal ka talaga ng isang tao, tatanggapin niya lahat ng kung ano ka. Hindi mo kailangang mag bago para sakanya. Isa pa, hindi ka nya iiwan kung talagang—“**

**“SHUT UP!”** nakita kong nagulat siya sa pag sigaw ko. Maging ako man nagulat din sa sarili ko. Napayuko nalang siya at umupo ng tahimik dun sa isang tabi. Medyo na guilty naman ako kasi gusto niya lang naman na maging okay ako, pero heto ako at sobrang sama ng ugali ko sakanya. Pero dalawang linggo na kaming magkasama, hindi parin siya umaalis sa tabi ko. Hindi parin siya nag gigive up sakin kahit na ganito yung ugaling pinapakita ko.

After namin mamili, dala dala lahat ni Patrick yung mga paper bags. Pag labas namin ng store, may nakita kaming tatlong lalaki na mukha din mga rock star. Lumapit sila kay Patrick tapos tinap nila yung braso nun.

**“Uy bro! Taena mo! Lagi ka naming kinocontact hindi ka nagpaparamdam.”** Sabi nung lalaking naka salamin.

**“Oo nga. Ano ng balita sayong kupal ka?! Hayup! Miss ka na namin!”** sabi naman nung isa na medyo maliit at singkit.

**"Nag shop lifting ka ata ngayon?"** tanong naman nung medyo matangkad.

**“Ah, eh.”** Napahawak si Patrick sa may batok niya. **“Pass muna ako sa mga gala bros! May tao kasing kailangan ako eh.”**

**“Teka nga, bakit ang dami mong dala? Kelan ka pa napahilig mag shopping?”** sabi na naman nung nakasalamin.

**“Hindi akin to. Sakanya to oh.”** Sabay turo sakin. “**Tine, si katsumi nga pala.”** Sabay turo dun sa nakasalamin. **“Tapos eto naman si Seth.”** Sabay turo dun sa medyo maliit na singkit. **"Eto naman, si Lester. Mga kaibigan ko sila."**

**“Chicks mo pare? Haneep! In love!”** sabi nung Lester sabay gulo ng buhok ni Patrick.

**“Gagi! HINDI! Dun na nga kayo!”** sabay binatukan niya yung dalawa. **“Ikamusta nyo ko sa tropa ha! Pass muna ko sa mga gala hanggang matapos yung summer.”**

**"Sige bro. Malala kana! Under the saya ka ata ngayon. Iba na yan bro!"** sigaw pa nung Katsumi bago umalis.

Napasimangot naman ako nung marinig ko yung sinabi niyang hindi niya ko girlfriend. Tinanggi niya ko sa mga kaibigan niya? Nakapamewang akong umupo sa may benches sa gilid ng mall. Dahan dahan naman syang lumapit sakin. Hirap siya maglakad dahil sa dami ng paper bags na dala niya.

**“Uy. Bakit naka busangot na naman yang mukha mo? Galit ka ba? May nagawa na naman ba ko?!”**

**“Bakit mo ko dineny sa mga kaibigan mo?!”** nakita kong nagulat siya sa sinabi ko.

**“Ha? B-bakit? Hmm.. g-girlfriend.. ba.. kita?”** dahan dahan niyang sabi dahil iniiwasan niyang magalit ako sakanya.

**“Oo. hindi mo ba alam? Girlfriend mo ko simula nung pumayag ka na makasama ako ng 30 days ngayong summer.”**

**“Wow! Ang bilis! Sabi ko na nga ba, type mo ko eh. Pero kasi hindi naman nila tinanong kung girlfriend kita, ang tinanong nila kung chicks ba kita.”**

**“Oh? Anong pinagka iba nun?!”**

**“Ang girlfriend, mahal mo. Pinapahalagahan mo at hindi mo hahayaan na tawagin siyang chicks. Dahil ang chicks, hayop yun diba? Hayop ka ba?!”** medyo natawa naman ako sa sinabi niyang yun, at tumawa narin siya sakin.

**“Ayan. Ngumingiti ka na. Hahaha! Hindi ko alam na girlfriend na pala kita, ang bilis mo ah!”**

Sinikmuraan ko naman siya. **“Heh! Girlfriend mo lang ako for 30 days. Kunin mo yung heels ko dyan sa paper bag. Susuotin ko na!”**

Kinuha niya yung heels ko dun sa loob ng paper bag at inabot sakin. **“Eto na po kumander.”**

**“Napanood mo yung Cinderella? Nakita mo yung prince kung pano sinuot kay Cinderella yung sapatos niya? Gayahin mo yun. Isuot mo rin sakin yan.”**

**“Ha? Ah. Eh?”** napakamot nalang siya sa ulo niya at lumuhod sa harap ko. Hindi ko maiwasang mapangiti habang sinusuot niya yung sapatos sa paa ko. For once, pakiramdam ko may tumuturing sakin na parang prinsesa. Kung kasama ko kaya si daddy ngayon, susuotan niya rin kaya ako ng ganito kagandang sapatos?

**“Ayan na po kumander. Tayo ka na po. Dahan dahan ha, baka pag tayo mo, 6 footer kana! Matangkad ka pa sakin!”** inalalayan niya kong tumayo at naglakad lakad pa kami sa mall. Inubos namin yung oras namin sa panonood ng dalawang magka sunod na sine. Pag tapos nun, kumain kami sa dalawang restaurant din.

Lakad lang kami ng lakad hanggang sa mapadaan kami sa Bench store. Nakita ko yung malaking poster ng bench model na shirtless na nakapaskil sa labas nung shop.

Napansin naman ni Patrick na napahinto ako sa tapat nung poster kaya inaasar niya na naman ako. **"Alam mo ba, hindi naman sa pagmamayabang ha. Pero dati kasi kinukuha akong model ng bench eh. Kaya lang tinanggihan ko dahil makikita yung mala Jake Cuenca kong katawan. Alam mo na, sa laki ng muscles ko baka hindi magkasya sa buong poster."**

Tinignan ko lang siya, **"He. he. he. Ang galing mo talaga mag joke. Oo nga. Kinukuha kang bench model. As in, bench na upuan!"**

**"Hahahaha. Tine, last mo na yan ah!"** tapos nakatanggap siya ng automatic na hampas.

**"May sinasabi ka?!"**

**"De wala. Sabi ko, grabe! nakakatawa talaga yung joke na sinabi mo!"** sarcastic niyang sabi. Nag roll eyes lang ako at naka isip na naman ako ng kalokohan.

**"Gusto ko ng souvenir kasama yang bench model. Mag pose ka dun sa tabi niya. Gayahin mo yung posing!"**

**"Ha? Dito talaga?"** gulat niyang sabi sakin.

**"Hindi! Dun sa Penshoppe!!"**

**"Sabi ko nga eh. Mag popose na."** hangga't sa maya maya, nag pose pose siya sa tabi nung poster. Kumakagat labi pa siya, pinapakita yung muscles, fumifierce look. Nakakatuwa talaga siya kasi sinasakyan niya yung mga kalokohan ko at nakikita ko yung sarili ko sakanya. Wala siyang pake sa iisipin nung ibang taong nakakakita, basta't gagawin niya lang kahit ano.. para lang mapasaya ko.

Nung medyo gabi na at pagod na ko, nag decide ako na umuwi na kami. Papunta na kami sa sakayan ng taxi ng maramdaman kong sobrang sakit na ng paa ko.

**“A-raaay. Ang sakit sakit na ng paa ko. Hindi ko na kayang maglakad!”** tinignan naman ni Patrick yung paa ko at nakita niyang puro na yun paltos.

**“Grabe! Kaya mo pa ba? Medyo malapit na naman eh. Gusto mo bang magpalit nitong flats mo?”**

**“Ayoko."**sabay tumingin ako sa sapatos niya. **"Hmm.. Anong size ng paa mo?”**

Tinignan niya muna yung paa niya, sabay umangat at tumingin ulit sakin. **“Size 10!”**

**“Magpalit nalang tayo ng sapatos. Suot mo tong heels ko, suot ko yang rubber shoes mo.”**

**“Teka nga, seryoso ka ba?”**

**“OO!”**

**“Edi suot mo nalang tong rubber shoes ko, magpapaa nalang ako.”** Sabi niya sakin habang hinuhubad yung sapatos niya.

**“Ayokong mag paa ka. Gusto kong isuot mo tong heels ko.”** >__<

Nakita kong medyo nainis na siya, **“Sumusobra ka na ah!”** sigaw niya sakin.

**“MAY SINASABI KA BA?!”**

Hinawakan niya yung mukha niya at umiling iling at ngumiti nalang sakin.

**“Wala po kumander. Sabi ko sumusobra ka na. Sumusobra sa ganda. Sige na po, susuot ko na po tong heels niyo.”** Tapos sinuot niya yung heels ko at sinuot ko yung rubber shoes niya. Naglakad na kami papapunta dun sa taxi waiting area ng may nakasalubong kaming dalawang babaeng pinagtatawanan si Patrick.

Bumulong naman sakin si Patrick pero alam kong pinaparinig niya din dun sa dalawang tumatawa sakanya, **“Sister, parang may naiinggit sa stilettos ko oh! Kakalurkey!”** tapos nag bakla baklaan pa siyang salita.

**“Keber? Hayaan mo na sila sister, Gora lang! Kabog mo sila!”** tapos nagdirediretso na kami sa paglalakad. Narinig pa namin yung dalawang babae na nagbubulungan.

**“Sayang no? Ang gwapo pa naman. Bading lang.”**

**“Hindi siya mukhang bading. Parang nakipag palit lang siya sa girlfriend niya ng sapatos dahil masakit na yung paa ng girlfriend niya. Gentleman! ANG SWEET! Kaso yung girlfriend niya, hinayaan siyang isuot yun kahit na alam niyang mapapahiya yung boyfriend niya. Ang sama naman ng ugali.”**

Napatigil naman ako ng marinig ko yun. Hinarap ko yung mga babae at nakita kong sales lady yung isa at may naka pin na name plate sa uniform niya. ‘Mitch’ yun ata yung pangalan niya.

**“Hoy MITCH! Sino masama ugali?! Yung pangalan mo, palitan lang yung M ng B sa simula, BITCH. Tanggaling mo yung M at dagdagan mo ng Y sa huli, ITCHY!”**

Hahamunin ko na sana siya ng suntukan ng hilahin ako ni Patrick, **"Halika na baby. Andyan na yung taxi!"** napahinto naman ako nung tinawag ako ni Patrick ng 'baby'. Ano kamo? Paki ulit nga? Anong tinawag niya sakin?

Humarap ako sakanya at sinampal ko siya sa di malaman na dahilan. Nakita kong nagulat siya sa ginawa ko, pero wala akong pakialam. **"WAG MO KO TATAWAGING BABY! WAG MO KONG TATAWAGIN NG GANUN! DAHIL YUNG TAONG TUMATAWAG SAKIN NUN, INIWAN AKO!"**

Hinubad ko yung rubber shoes nya na suot ko at binato yun sakanya. Tumakbo ako ng nakayapak papasok ng taxi. Wala na kong pake kahit naiwan ko lahat ng pinamili ko sakanya. Siguro itatapon niya yun ng dahil sa galit na nararamdaman niya para sakin ng dahil sa pagkakasampal ko sakanya. I can understand if after this night, hindi na siya magpa kita sakin. Siguro napupuno narin siya sa mga kamalditahan ko.

Alam ko namang aalis din siya after ng 30 days, pero bakit parang nasasaktan ako? Dati, sinusubukan kong gawin siyang parehas ng personality ni Karl. Mahilig sa ice cream, hindi nalelate pag nag dedate kami, at lahat lahat ng personality ni Karl, gusto kong makita sakanya at hinahanap ko yun sakanya. Although alam kong mali dahil magka ibang tao naman sila. Alam kong mali dahil hindi ko dapat hinahanap sakanya yung personality ng ibang tao.

Pero bakit ngayon, parang nag babago na? Bakit parang gusto ko na siyang ilayo sa personality na meron si Karl? Siguro kasi..

Natatakot na kong dumating yung araw na iwan at kalimutan niya rin ako..

*Gaya ng ginawa ni ex ko sakin.*

# CHAPTER 6

**Patrick's POV**

Hindi ko alam kung bakit nalulungkot ako ngayong araw na to. Dinala ko na kahapon yung mga shinopping ni Tine sakanila. Yung mga iniwan niya sakin nung gabing nagalit siya sakin at sinampal niya ko. Magdadalawang araw ng hindi ko siya nakikita. Galit parin kasi siya sakin.

Andito lang ako sa bahay at nag gigitara mag damag. Nagulat nalang nga ko ng biglang bumukas yung pinto ng kwarto ko at biglang pumasok yung mga kaibigan at kabanda ko.

**"Uy bro! Ngayon nalang kita nakita sa bahay nyo ah. Parati kang wala eh! Parati kang may date sabi nung kapatid mo eh!"** Panimulang bati sakin ni Kats sabay bato ng isang lata ng pringles.

**"Oo nga. Seryoso ka ba dun sa chikababes na kasama mo sa mall? Pare, maganda ah! Kaya lang mukhang ina-under ka eh."** Sabat naman ni Lester habang ina assemble yung xbox ko. Ano bang ginagawa ng mga to dito at parang nire-raid yung kwarto ko?

**"For sure, may tama ka talaga dun. Kasi kilala kita eh. Hindi ka basta basta nagpapa under sa babae. Last kitang nakitang nagkaka ganyan nung kay Lia pa eh."** Sabi naman ni Seth habang kumukuha ng pringles na hawak ko.

Bigla naman akong natauhan dun. May tama nga ba ko sakanya? Teka, ilang araw ko palang siya nakikilala ha. Pwede ba naman yun? Teka nga, matanong nga tong tropa kong sanay sa mga babae. Ako kasi, bad boy look man ang dating, loyal talaga ko eh. Hindi ko kayang manloko ng babae. Kasi pano kung si mama yung ganunin diba? Pre! Makakapatay ako!

**“Teka nga mga bro, hinahot seat nyo nalang rin lang ako, sasagadin ko na. Sa tingin niyo ba pwedeng mangyari yung ilang araw niyo palang siyang nakilala, gusto nyo na agad siya? Lalo na kung yung ugaling pinapakita niya, daig pa amazona!”**

Nagka tinginan naman sila. Nilapag nila yung controllers ng xbox tapos humarap silang lahat sakin at tinignan akong parang may nagawa akong malagim na krimen!

**“Alam mo bro, hindi sukatan yung kung gano niyo katagal kakilala yung isa’t isa. Kundi yung kung anong pinagsamahan niyo. Katulad mo, bakit hindi mo tanungin yung sarili mo kung bakit namimiss mo siya ngayon sa kabila ng pagiging amazona niya?”**

Bigla naman akong napaisip sa sinabing yun ni Seth. Sabay hinampas ko siya ng unan sa mukha. **“Teka nga! Sino bang may sabing namimiss ko siya?”**

**“Utut mo pare! Tanga lang maloloko mong hindi mo siya namimiss. Kung nakita mo lang yung mukha mo kanina kung gano ka nakatulala diyan! Tropa mo kami kaya hindi mo kami maloloko dito!”** sigaw naman sakin ni Kats.

**“Grabe naman kasi. Hindi ko na nga maintindihan eh. Hindi naman ako ganito eh! Wala naman akong pake sa nararamdaman ng ibang tao! Pero nung nakita ko siyang umiiyak nung una kaming nagkita, parang may something eh. Parang may tumutulak sakin at nagsasabing ‘kailangan niya ko’.”**

**“Yan ang tinatawag na love at first sight. Tsk! Iba na yan pare. Tataya ako ng isang libo. Dadating yung araw na maamin mo rin sa sarili mo na gusto mo yang babaeng yan!”** sabat ni Lester na kain parin ng kain ng pringles.

After ng nakaka kilabot na usapan namin ng tropa, naglaro nalang kami ng xbox magdamag para magpalipas oras. Maya’t maya ko rin tinitignan yung cellphone ko at chinecheck kung nag text naba siya. Baka kasi magalit sakin pag hindi ako nakapag reply agad eh, pero wala paring text eh.

Hangga’t sa nung gabi na, mag isa nalang ako dito sa kwarto, naalala ko na naman lahat nung pinagawa niya sakin. Pinag push up niya ko dahil late ako, pinag pose niya ko katabi yung multo sa horror house, pinainom niya ko ng ice tea ng hindi pa umaabot ng 3 seconds, pinakain niya ko ng madaming ice cream kahit hindi naman ako mahilig dun, pinitik niya ko ng maraming beses ng dahil sa larong sobrang weird, pinag pose niya ko sa harap ng maraming tao katabi nung bench poster, tapos higit sa lahat, pinag suot niya ko ng may takong na sapatos. Kung iisipin, bakit ko nga ba ginawa lahat ng yun?

Bakit hinahayaan ko siyang ipagawa sakin yun? Yung mga oras na nakita ko siya sa bridge na umiiyak, nung tumingin ako sa mga mata niya. Alam kong malungkot talaga siya. Nung kinanta ko yung baby girl na theme song ata nila nung ex niya, nakita ko na naman siyang umiyak at para na naman akong nanghina. Sabihin niyo nga, ano bang meron sakanya na hindi ko matiis? Anong meron sa pag iyak niya, na hindi ko siya magawang iwan?

HAAAAAAYSSSSS!

Okay na Patrick. OKAY NA. Pupunta ka sakanila bukas para mag sorry. Never mo na siyang tatawaging baby dahil ayaw niya nun. Never kana rin susuway sa kahit na anong gusto niyang ipagawa kasi yun yung mga reasons para makita mo siyang ngumiti.

……

Next day,

Maaga akong nagising at nag breakfast. Nagtataka nga si mama kung bakit good mood ako tapos maaga pa kong nagising eh samantalang tanghali na naman ako laging nagigising. Ayaw kasi ni Tine ng tanghali akong nagigising eh. Batugan daw pag ganun eh -__-

Dumaan muna ako sa bake shop at bumili ng isang box ng donut para kay Tine. Para peace offering manlang. Pag tapos nun, dumiretso na agad ako sa bahay nila. Medyo magkalapit lang naman bahay namin kasi isang subdivision lang naman to. Buti nalang may mga bakeshop, grocery store, arcade shop sa loob ng subdivision na to. Nag doorbell ako sakanila at pinag buksan ako ng mama niya ata kasi medyo hawig niya eh.

**“Good Morning po. Hmm.. Andyan po ba si Tine?”** Bati ko agad sa mama niya sabay ngiti.

**“Ay oo. Kaya lang nasa garden siya sa likod dahil pinapaliguan yung aso. Ikaw ba yung nag bigay nun iho?”**

**“A-aah..”** medyo nahiya naman ako. **“Ah.. hehe. ako nga po.”**

**“Haha. Sige, halika. Upo ka muna. Pasok ka.”** Tapos tuluyan niya na kong pinatuloy sa sala. Umupo ako sa sofa at nilagay yung box ng donut sa lamesa.

**“Gusto mo ba ng juice?”** tanong pa nung mama niya. Hindi pa ko nakakasagot ng may biglang batang lalaki na sobrang cute na umupo sa tabi ko at inaabot sakin yung laruan niyang kotse. Para bang gustong makipag laro. Kapatid ata siya ni Tine, sobrang taba ng pisngi eh. Tapos ang cute grabe ang sarap pisilin.

**“Hehe, kapatid po ni Tine? Ang cute po.”**

**“Ah oo. Si Baby Nathan, bunsong kapatid ni Tine. Minsan lang yan makakita ng lalaki dito sa bahay kaya gusto ng kalaro.”** Medyo nagtaka naman ako. Nasan yung papa ni Tine? Baka laging busy?

**“Ganun po ba. Siguro sobrang busy po sa pagiging lawyer nung papa ni Tine kaya wala ng time makipag laro. Haha! Ang taba at cute po nito.”** Nakita ko yung mama ni tine na sobrang nagulat sa sinabi ko. Bakit? May nasabi ba kong hindi maganda? Hala. Baka magalit din siya sakin na parang si Tine. -__-

**“Iho, sinabi ba sayo ni Tine na lawyer yung papa niya?”** medyo mahinang sabi nung mama niya kaya medyo kinabahan naman ako. Para kasing biglang sumeryoso yung boses niya eh.

**“Opo. Ganun na nga po. Sinabi niya po yun nung una kaming magka kilala.”**

Nakita ko na medyo naluluha na yung mama niya. Kaya lumapit ako para hawakan siya sa balikat. **“Tita, may problema po ba? May nasabi po ba kong hindi maganda? Kung meron man po.. sorry po.”**

Magsasalita pa sana yung mama ni Tine ng biglang pumasok si Tine sa bahay galing sa back door. Dala dala niya yung aso na basa na mukhang kakaligo lang. Napatingin din yung mama niya sa direksyon ni Tine at tumayo agad.

**“Nak, may bisita ka. Teka lang kuha ko lang kayo ng juice.”** Tapos dahan dahan na umalis yung mama niya. Hindi ko na natanong kung ano yung problema. Tsaka na nga lang. May problema pa kong kailangang unahin.

Nilapag ni Tine yung aso tapos pumunta sa may direksyon ko ng nakasimangot yung mukha.

**“ANONG GINAGAWA MO DITO?!”** nagulat ako sa sigaw niya at pati si Baby Nathan. Paiyak na sana si Baby Nathan ng dahil sa gulat sa sigaw, kaya binigyan ko siya agad ng donut.

Napansin naman yun ni Tine kaya medyo kumalma siya. **“Sorry Baby Nathan. Nabigla lang si ate."** sabay haplos sa likod ni Baby Nathan. Mas okay siya pag ganito. Sana ako nalang si Baby Nathan. -__-

Bigla naman siyang napatingin sakin at nanlilisik na naman yung mga mata niya. **"Halika, dun tayo sa taas. Tinatakot mo kapatid ko eh!”** bigla naman akong napakamot sa ulo. Ako ba yung sumigaw? Diba siya? -_-

Sumunod nalang ako sakanya sa taas. May living room din sila sa second floor. Umupo ako sa sofa tapos siya din. Medyo naiilang ako dahil baka sigawan niya na naman ako. Ilang segundong katahimikan, hangga't sa naisipan kong magsalita na.

**“Hmm.. T-tine.. Sorry. Sorry na.. Hindi ko naman sadya.”** Tinignan niya lang ako ng matagal, hangga’t sa bigla siyang tumayo tapos pumasok sa loob ng isang kwarto. Bakit kaya? Mga ilang minuto bago siya lumabas ulit, may dala dala siyang kikay kit tapos umupo ulit siya sa tabi ko.

Nilabas niya yung mga make up, nail polish tapos tinignan ako. Abaaa! Mukhang nagegets ko na ipapagawa sakin nito ah. Magpapa make up siguro to.

**“Sige. Tatanggapin ko yang sorry mo. Sa isang kondisyon.”**

Umupo naman ako ng tuwid. **“Magpapa make up ka? Game! Parang coloring book lang naman yung pag mamake up diba? Hindi mo na maitatanong, magaling ako sa arts.”**

Tinawanan niya naman ako. **“hahaha! Hindi. Ikaw memake upan ko. Tapos nail polish narin.”**

Bigla naman akong natulala sakanya. **“Seryoso ka ba?” -__-**

**“Mukha ba kong nag bibiro?”**

Napaisip naman ako. Haaays! Wala na kong choice. Mukhang masaya at na eexcite yung itsura niya kaya siguro dapat pumayag nalang ako.

**“Game. Light lang sister ah, di aketch sanay sa make up eh.”** Nakita kong nagulat siya sa sinabi ko. Siguro akala niya aangal ako, pero kung ito ba naman yung magiging paraan para mapatawad niya na ko eh.

Nagsimula niya na kong make upan. Habang minamake upan niya ko, nagpa nail polish siya sakin sa paa. Ginawa ko naman kahit lagpas lagpas yung nail polish. Eh sa ngayon ko lang ginawa to eh. Pag tapos niya ko make upan, siya naman minake upan ko tapos siya naman yung nag nail polish ng paa ko. Yung make up ko sakanya, parang clown na. Pero eto lang kaya kong gawin eh.

Nung matapos na kaming dalawa, inipitan niya pa yung buhok ko na para tuloy akong poodle dito. Teka nga, balak niya ba kong gawing bakla? =__=

**“Ayan! Bagay na bagay!”** sabi niya ng naka ngiti habang tinitignan ako.

**“Bagay ka dyan. Ginagawa mo naman akong babae eh.”**

**“Ginagawa kasi namin to ng ex bestfriend ko dati. Pero since wala na yung best friend na yun, wala na kong kasamang gawin to. Buti nga dumating ka pa eh.”** Nakita ko na medyo nalungkot yung mukha niya. Worth it naman pala yung pagpayag ko na gawin to eh. At least kahit papano, hindi na niya mamiss yung best friend niyang yun! Kaya naman naisipan kong ilabas yung cellphone ko at nilagay sa camera.

**“Picture?”** pagkasabi ko nun, bigla siyang napangiti tapos lumapit sakin at nag pose.

**“Okie! Wacky shot ah!”** tapos unti unti ko na siyang nakitang ngumiti. Nag pose kami ng ilang shot. kahit mukha akong sira ulo ng dahil sa make up ko, ayos lang. Maganda naman siya sa picture eh.

Kinuha niya yung phone ko tapos pinasa niya sa phone niya yung mga pictures. Tinitignan ko lang siya habang naka ngiti niyang tinitignan yung mga pictures namin. Kaya naisipan ko ng mag tanong.

**“Okay naba tayo?”**

**“Ha? Hmm.. Basta ba wag mong tatanggalin yang make up mo hanggang pag uwi mo.”** Tumingin siya sakin, sabay ngumiti.

**“De joke lang. Yan lang nail polish mo sa paa yung wag mong tanggalin.”**

Siguro nga mahirap siyang intindihin. Siguro nga mahirap siyang pakisamahan. Pero kung willing kang intindihin siya, magagawa mo yun. Kung may sampung dahilan para umalis ako at iwan siya, hahanap at hahanap ako ng isang dahilan para manatili ako sa tabi niya. At yun yung dahilan na maging ako man sa sarili ko, hindi ko alam kung nahanap ko na.

Pero isa lang alam ko..

*Naaalala ko si Lia sakanya.*

# CHAPTER 7

May 9, 2013

Okay na ulit kami ni Patrick. Lumalabas na ulit kami. Pinatawad ko na siya sa pag tawag niya sakin ng baby. Ni hindi ko nga alam kung bakit andito parin to at hindi parin nag gigive up sa ugali ko eh.

Dalawang linggo ng nakakalipas after ng break up namin ni Karl. Nilagay ko na yung mga teddy bears, pictures, letters na galing sakanya sa isang box at nilagay ko na sa attic. Siguro pag ganun, makalimutan ko na siya. Hindi narin ako masyadong umiiyak bago matulog dahil tinetext ako ni Patrick ng kung ano anong jokes pag gabi.

Napag isipan naming mag mall ngayon ni Patrick dahil sobrang boring sa bahay. Ganito talaga pag summer eno? Kesa naman magbabad kami magdamag sa tv or computer, eh tatambay nalang kami. Naglalakad kami dito sa mall ng may makita akong flower boutique.

**“Thank you, honey.”** Sabi nung babaeng kakalabas lang ng boutique. Binigyan siya ng boyfriend niya ng bouquet. Naka ngiti sila parehas at parehong masaya. Naalala ko na naman si Karl. Binibilhan niya ko lagi dati ng bulaklak pag birthday ko o kaya Valentine’s eh.

Napansin naman ni Patrick na nakatulala ako kaya siniko niya ko.

**“Uy Tine. Tara na! Kain tayo. Nagugutom na ko.”** Sabi ni Patrick sa tabi ko. Tinignan ko naman siya ng masama.

**“kakakain mo lang eh!”**

**“Hehe! Wala lang. Gusto mo mag ice cream? Diba favorite mo yun?”**

**“Ayoko!”**

**“Eh anong gusto mo?”**

**“Gusto ko nung roses! Isang bouquet! Uupo ako dun ah.”** Sabay turo sa benches na nasa gilid ng mall.

**“Iaabot mo sakin dun. Pero kailangan mong lumuhod habang binibigay mo sakin! Naiintindihan mo? Dalian mo. Kundi patay ka sakin!”**

Hindi ko na inantay yung reaksyon niya at umupo nalang dun sa benches. Nakita kong pumasok siya dun sa boutique. Medyo natetense ako habang inaantay ko siya. Sana yung favorite flower ko yung bilhin niya. Pink roses. Favorite color ko. Katulad nung pink cotton candy na binigay sakin ni Karl dati.

*Eto na naman eh. Hinahanap ko na naman si Karl kay Patrick na alam kong mali.*

Tumitingin tingin ako sa paligid habang inaantay ko si Patrick. Hangga't sa may makita akong di kanais nais at talagang nagpa init ng dugo ko.

*Yung ex ko....*

*Kasama yung ex-bestfriend ko.*

Pero alam mo yung mas masakit?

Yung makita ko silang magkasama at magka holding hands.

Bigla bigla nalang tumulo yung luha ko at parang may tumutusok sa puso ko ng dahil sa sakit. Nakita nila kong nakatingin sakanila, kaya dahan dahang lumapit tong traydor kong dating kaibigan sakin.

Nakita kong gulat din yung mukha niya pero dahan dahan siyang lumapit tapos hinawakan pa ko sa braso, **"Bessst…"** mahina niyang sabi. Ano daw? Anong tinawag niya sakin? BEST? May bestfriend bang tatraydurin yung sarili niyang kaibigan?

Tumayo ako mula sa pagkaka upo ko tapos sinampal ko siya ng buong lakas ko. Rinig na rinig ko kung gano kalakas yung sampal na yun at nakita ko ring namula yung pisngi niya.

**"Wag mo ko tawaging bestfriend!! ANG KAPAL NG MUKHA MO! ANG LANDI MO! SOBRANG LANDI MO!!"** napatingin siya sakin at nakita kong umiiyak na siya. Aba! Dapat lang. Kulang na kulang pa yan sa sakit na nararamdaman ko ng dahil sainyong dalawa.

Inawat naman kami ng traydor kong ex boyfriend. At ang mas masakit pa, kay Andrea agad siya lumapit at alalang alala yung mukha niyang tinanong si Andrea ng….

**“Okay ka lang ba? Nasaktan ka ba?”** Halos mapa upo ako sa sahig nung marinig ko yun. Bakit sobrang sakit? Pano nila nagawa sakin yun? Paano nila nagawang hindi intindihin kung anong nararamdaman ko? Paano nila ko nagawang saktan ng ganito?

Ano bang nagawa ko sakanila? Ano bang nagawa kong mali para saktan nila ko ng sobra?

**“Tine.. I’m sorry. I’m so—“** umiiyak parin na sabi ni Andrea.

**“SORRY? Andrea, alam mo ba kung gano kasakit na sariling bestfriend ko pa na pinagkatiwalaan ko, minahal ko na parang kapatid, eh yun pa yung tatraydor sakin?! Alam mo ba kung gano kasakit yun Andrea?! Alam mo ba yung nararamdaman ko ngayon?!! Sa tingin mo may magagawa yang sorry mo?!!”** umiiyak kong sabi sakanya.

**“Stop it Tine! Don’t make a scene here!!”** sigaw sakin ni Karl. Habang niyayakap niya si Andrea. Ang sarap nilang buhusan ng kumukulong tubig!!! Ang kapal ng mukha nilang dalawa!

**“Tine, halika na. Hindi deserve ng dalawang yan yung pag iyak mo.”** Nagulat nalang ako ng biglang may tumabi sa gilid ko at hinawakan

ako sa braso. Si Patrick yun na may dala dalang mas marami pa sa bouquet na roses.

**“Sino ka naman?!”** sigaw ni Karl na halatang galit na samin. Ang ayaw kasi talaga ng lalaking to, yung napapahiya siya sa harap ng maraming tao. Masyado niyang mahal yung pride niya eh.

**“Ah ako ba? Ako nga pala yung handang gumawa kay Tine nung mga bagay na hindi mo nagawa dahil wala kang kwentang tao. Ayos ka bro! Buti nakaka tulog ka pa sa ginawa mo sakanya. Hindi ka pa nakuntento ha, ang lakas nyong maging masayang dalawa, habang may taong nasasaktan. Pero wag kayong mag alala, hinding hindi ko hahayaan na umiyak si Tine gaya ng ginawa niyo sakanya. Sige, una na kami.”** Tapos inakbayan ako ni Patrick at hinila na ko papatalikod. Naiwan silang dalawang tulala dun.

Medyo malayo na kami, ng biglang huminto si Patrick at humarap ulit dun sa dalawa.

**“Ah, ikaw. Yung traydor na kaibigan ni Tine.”** Narinig nung mga tao yung sinabi ni Patrick kaya nagtinginan sila kay Andrea.

**“Alam mo ba, pag iniwan ng lalaki yung girlfriend nila para sa ibang babae, may chance din na iwan ka niyan, para din sa ibang babae. Mag isip isip ka. Nakaka awa ka naman. Kasi hindi mo alam yung tunay na ibig sabihin ng MAGKAIBIGAN.”**

Tumalikod na ulit si Patrick at inakbayan ako. Wala kaming imikan hangga’t sa marating namin yung exit ng mall. Pag dating namin sa labas, umupo

kami sa may fountain na nasa tapat ng mall. Sabay lumuhod siya sa harap ko.

**"Flowers nga pala. Hehe. Sorry, natense ako kanina kaya hindi ko nabigay agad. Tsaka nga pala, sana wag ka magalit kasi walang red roses."** Sabay napahawak siya sa batok niya na parang nahihiya.

**"Pink roses nalang eh. Kung ayaw mo, maghahanap ako ng ibang bilihan na may red.."**

Nung marinig ko yun, hindi ko napigilan na hindi maluha. Niyakap ko agad siya at lumuhod din sa harap niya. Wala na kong pakelam kahit mukha kaming sira dito. May mga taong pumapalakpak nung makita nila kami. Parehas talaga kami ng ugali. Wala kaming pakialam kung anong sasabihin ng ibang tao, ang mahalaga, yung kaming dalawa. Sana nga lang ganito din si Karl noon.

Narealize ko na, pag may mga taong umalis para iwan tayo, may mga dadating din na mas okay, na mas mamahalin at iintindihin tayo kahit na sobrang hirap na nating maintindihan. Dati kay Karl, iniwan niya ko nung panahong pinapakita ko yung best ko bilang isang mabuting girlfriend. Binigay ko kay Karl lahat ng pagmamahal na dapat yung kalahati, sa sarili ko. Habang etong si Patrick, andito siya sa pinaka nakakainis at pinaka nakakapikon na ugali ko.

Sabi nga nila, *'If God takes something away from you, it just means he's emptying your hands to give you something better.'*

But.........

Do I even deserve him?

Do I even deserve to be with him after 30 days of summer?

# CHAPTER 8

Maaga palang andito na agad si Patrick sa bahay. Ni hindi ko nga din alam kung bakit basta nalang. Pag tapos ko maligo at mag bihis, bumaba na ko at nakita ko sa sala si Patrick na nakikipaglaro kay Baby Nathan. Hindi ko naman mapigilin na hindi mapangiti.

**“Ate.. Laro kami kuya Pachik oh.”** Sabi ni baby Nathan sabay takbo papalapit sakin at hinug ako. Malambing kasi tong kapatid kong to eh. Bukod sa sobrang cute niya dahil ang taba niya, eh talagang malambing pa siya. Kaya mahal talaga namin siya ng sobra ni mama.

Tumingin naman ako kay Patrick, **“Ang aga mo ata?”**

**“Ah. May naisipan kasi akong puntahan eh. Ayos lang ba?”**

**“Hmm.. Nagpaalam ka na ba kay mama?”**

**“Yep. Sabi naman niya, okay lang basta’t tawagan natin siya pag nakarating na tayo dun.”**

Binigyan ko naman siya ng where-the-hell-are-we-going-look. **“Bakit? San mo ba balak pumunta?”**

**“Basta. Surprise! Andami namang tanong neto eh.”** Hindi nako nagtanong pa, at sumama nalang ako sakanya. Nagulat na nga lang ako ng may naka empake ng maleta ko sa sala eh.

.

..

……..

……….

After ng flight namin, andito na kami sa Bohol. Sira tong lalaking to eh. Bigla bigla nalang pupunta sa bahay tapos mag aaya mag Bohol. Nag sabi daw pala siya kay mama kaya pinag empake niya ko ng damit. Hindi ko nga alam kung bakit napapayag niya si mama na sumama ako dito, eh hindi yun pumapayag ng overnight sa ibang bahay eh. Kahit sa bahay pa nga ng traydor kong bestfriend na si Andrea dati, hindi niya ko pinapayagan eh. Ano kayang charm ginamit nitong lalaking to para mapapayag si mama?

Pero isang gabi lang naman daw kami dito kaya hindi masyadong madami yung inempake para sakin ni mama. Basic needs lang tsaka yung saktong damit lang na kailangan ko.

Dumiretso na kami sa hotel na naka book samin. Napag alaman namin na iisang room nalang yung available dahil nga summer at fixed season. Wala na kaming nagawa kundi pumayag na sa iisang room nalang kami. 3rd

floor yung kwarto, and pag pasok namin sa loob, sobrang spacious at 2 beds naman pala yung meron.

**“Phew! Akala ko matutulog na ko sa sahig eh.”** Narinig kong pabulong niyang sabi.

**“Siniswerte ka ata ngayon. Haha! First time ko matutulog sa iisang kwarto na may ibang tao bukod sa pamilya ko. Kaya ONE wrong move, matutulog ka sa loob ng CR. Naiintindihan mo?!”**

**“Yes kumander! As if naman magkaka interes ako..”** mahina niya pang sabi.

**“May sinasabi ka ba?!”**

**“De po. Wala.. Tara na..”** Tapos lumabas na kami ng hotel na magka holding hands. Ni hindi ko nga rin alam kung bakit pumapayag akong makipag holding hands sakanya. Para kasing kahit kayang kaya ko yung sarili ko pag may nangyaring masama, eh mas feel kong secure ako pag hawak niya yung kamay ko.

Dinala niya ko sa mga Tarsiers. At nakita ko kung gano sila ka cute kasi ang liliit nila, pero ang lalaki ng mata.

**“Patrick. Mag pose ka dun sa tabi ng Tarsier, tapos gayahin mo kung gano kalaki yung mata niya.”** Natawa lang si Patrick tapos pumunta na dun sa tabi ng tarsier at nag pose ng maraming beses. Pilit niyang

nilalakihan yung mata niya para magkasing laki na sila ng mata nung tarsier.

After nun, pinicturan niya rin ako kasama yung mga tarsiers.

**“Patrick, bakit mo biglang naisipang mag bohol?”**

**“Wala lang. Tumitingin kasi ako kagabi sa internet. Nakakita ako ng pictures ng chocolate hills, nainggit ako. Kaya ayun. Nag book ako para satin!”**

**“Hahaha. May topak ka rin pala minsan noh! Hindi lang pala minsan, palagi.”**

**“Okay lang na may topak ako, ang gusto ko lang naman, maging memorable tong 30 days ng summer natin dalawa. Kaya i-enjoy natin to. Malayo sa mga traydor na tao.”** Nung sinabi niya yun, bigla akong natauhan. Siguro ginagawa niya lang to kasi nagaalala siya sakin dahil sa pagkikita namin ng ex ko at ex best friend ko kahapon. Siguro iniisip niya, nalulungkot ako at umiiyak na naman.

Well totoo naman. Hindi ko parin mapigilang hindi malungkot. Umiyak na naman ako ng umiyak kagabi habang pinapatugtog yung ‘baby girl’ hindi ko nga alam eh. Gusto ko makalimot, pero ayaw ng isip at puso ko. Parang habang pinapakinggan ko yung baby girl, parang mas lalo kong tinotorture yung sarili ko. Kelan ba ko makakalimot? Pwede bang ihampas ko nalang yung ulo ko sa pader para magka amnesia na ko at makalimutan ko na siya? First boyfriend ko si Karl at first love din. Hindi ganun kadali mag move on. Lalo na kung hanggang ngayon, masakit parin.

Bakit ganun? Kahit gano na kasakit, kahit harap harapan ko ng nakita kung pano nila kong nilokong dalawa, still, mahal ko parin siya. Ang laki kong tanga diba? Hindi naman ako bobo, pero pag dating sa ganito, nagiging tanga ko.

**“Huy! Tine! Ayos ka lang? Kanina kapa tulala dyan eh.”** Tapos winave wave niya pa yung kamay niya sa may mukha ko. Pinilit ko nalang ngumiti para isipin niyang okay lang ako.

**“Yep. Natulala lang ako kasi napansin kong hawig mo yung tarsier! Halika na nga. Sa iba naman tayo!”** After nun, pumunta na kami sa next destination namin sa Dauis Church.

..

......

...........

.................

Habang naglalakad kami papasok ng simbahan, napapatingin ako sa altar. Napapatanong nalang ako sa sarili ko kung may karapatan ba kong pumunta dito? May karapatan ba kong humarap sa Diyos ngayong pinupuno ng galit yung puso ko ng dahil sa mga taong nanakit at trumaydor sakin? Hindi ko na naman mapigilang umiyak. Hindi naman ako masamang tao eh, hindi naman talaga ako ganito. Pero ng dahil sa mga trumaydor sakin, nagiging ganito na ko. Unti unti na namang tumulo yung luha sa mga

mata ko, tatakbo na sana ako papalabas ng hawakan ni Patrick yung kamay ko.

**“Hindi magandang laging tinatakbuhan ang problema. Hindi magandang lagi tayong umiiwas pag nararamdaman nating nanghihina na tayo. Natanong mo naba Sakanya..”** sabay turo ni Patrick kay Papa Jesus na nasa altar.

**“Natanong mo na ba kung bakit may umaalis sa buhay natin?”** humarap si Patrick sakin at pinunasan yung mga luha sa pisngi ko.

**“May mga taong umaalis sa buhay natin, para matuto tayo. Umaalis sila, kasi hindi naman sila dapat nandito. Umaalis sila, kasi may mga mas deserving na mag stay na dadating.”** Pag tapos niyang sabihin yun, hinigit niya ko papunta sa upuan ng simbahan. Nakatulala lang ako sakanya at nakita ko siyang lumuhod. Pumikit siya at nilagay niya yung dalawang kamay niya sa dibdib niya.

**“Dear Papa Jesus, alam ko po may pagka bad boy ako. Ngayon lang po ako manghihingi ng tulong galing po Sainyo. Alam kong dati ko na dapat tong ginawa, pero sa tingin ko.. Huli na ang lahat. May bago akong nakilalang tao. Nakilala ko siya sa pinaka malungkot at down na part ng buhay niya. Siguro may reason po Kayo, kung bakit niyo ko dinala sakanya, pero kahit ano pa man po yun.. gusto ko pong manghingi ng tulong. Tulungan niyo po siyang bumalik sa pagiging masayahin. Sana makalimutan niya na lahat ng galit at sakit na nararamdaman niya. Sana dumating na yung oras na matutunan niya ng mag let go. Dahil yun lang naman po yung magiging paraan para makalimot na siya. Alam ko pong mahirap magpatawad, pero Kayo nga po na sobrang dami na naming kasalanan, nagagawa kaming patawarin.. Sana magawa rin po yun ng taong nakilala ko. Thank you**

**po."** Nung pagkarinig ko nun, iyak lang ako ng iyak. Tumingin ako sa altar, at mahinang nag dasal.

*"Salamat po. Na dumating si Patrick. Alam ko pong hindi ko deserve yung kabaitan niya, pero sana nga.. Balang araw.. dumating din yung araw na patawarin ko na yung mga taong trumaydor sakin.."* After namin mag dasal, pumunta na kami sa Carmen, Chocolate Hills ng Bohol. Sobrang ganda dito. Sobrang presko ng hangin. Ang ganda at relaxing ng paligid.

**"Waaaa! Para tayong nasa top ng mundo. Ang ganda dito!!"** sigaw ko. Lumapit si Patrick sakin at inabutan ako ng telescope.

**"Eto, gamitin mo. Para makita mo kung gano kaganda yung paligid, pero wag ka mag alala. Tumingin ka lang sa salamin, makikita mo na yung totoong meaning ng maganda."** Then he smirked tapos sumilip na siya sa telescope niya. Naka ngiti lang siya at parang sobrang care-free ng itsura niya. Bakit ganun? Habang tinitignan ko siya, parang nakakaramdam ako ng pagkirot sa puso ko. Parang nasasaktan akong isipin na after ng 30 days, mawawala na siya sa buhay ko. Bakit parang unti unti kong narerealize na nasasanay na ko sa presence niya? Hindi na ata maganda to.

**"Ano tine, nagandahan kaba sa view?"** seryosong tanong niya sakin.

**"Hindi masyado dahil nakita ko yang mukha mo. Ikaw, nagandahan ka ba?"**

**“Oo. Pero mas maganda ata kung ikaw nalang tignan ko.”**

**“Bakit mo ginagawa to?!”** Halos pasigaw kong sabi.

**“Ha?”** nagtatakang tanong niya sakin.

**“BAKIT MO SABI GINAGAWA TO EH?!”**

**“Ang alin?”**

**“EWAN KO SAYO!!”** Tumakbo ako pababa ng dahil sa hindi ko narin naiintindihan yung sarili ko. Hindi ko narin naiintindihan kung ano ba tong nararamdaman ko. Naguguluhan na ko. Takbo ko ng takbo, hanggang sa mahabol ako ni Patrick.

**“Halika na. Sasabihin ko sayo lahat, pag nakarating tayo sa hotel. Nag set ako ng dinner sa may sea shore. Kaya hindi tayo dapat malate.”** Wala nakong nagawa kundi sumama sakanya. Tahimik lang kami habang nasa byahe pabalik sa hotel.

Nung makarating kami sa hotel, nagpalit muna kami ng makapal na Jacket at pumunta na sa may tabing dagat. May mga kandila sa gilid at maliit na lamesa. As in sa buhangin kami naka upo, habang kumakain kami sa lamesa. Tapos napapalibutan kami ng scented candles. Amoy flowers tuloy yung paligid. Sa mga movies ko lang napapanood tong ganito, at matagal ko naring hinihiling kay Karl na gawin niya to para sakin.. nangako siya na

gagawin niya to nung 2nd anniversary dapat namin. Pero hindi na kami umabot dun.

After namin kumain, kinuha na ng mga waiters yung lamesa. Naiwan nalang yung mga scented candles at kaming dalawa na naka upo sa buhangin at nakatingin sa dagat.

**"Gusto mo ba malaman kung bakit ko ginagawa to?"** mahinang sabi ni Patrick. Hindi lang ako umimik at inantay yung susunod niyang sasabihin.

**"Nagka girlfriend ako noon, Lia ang pangalan. Mahal niya ko ng sobra na lahat ginawa niya para sakin. Ako naman tong si sira ulo, hindi marunong maka appreciate. Naging girlfriend ko lang siya dahil sa pustahan. Hindi ko naman alam na seryoso pala talaga siya sakin. Araw araw niyang pinapakita sakin yung pagmamahal na yun, ang akala ko nung una, wala akong pakealam kahit mahal niya na talaga ko. Pero isang araw, nakita ko siyang binabastos sa labas ng school namin. At hindi ko alam kung anong nangyari sakin at binugbog ko yung mga yun. Pero sa bandang huli, dahil iisa lang ako, ako yung nabugbog. Pero di bale ng puro pasa at galos ako. Kesa naman wala akong ginawa para sa babaeng mahal ako diba? Tuwang tuwa siya at the same time nag aalala siya sa ginawa ko. Nalaman ng school yung nangyari na rumble, at napag isipan nila na pag hindi ko napasa yung mga exams, makikick out na ko. Wala akong pake nun. Eh ano naman kung makick out yung walang kwentang kagaya ko diba? Pero lumapit sakin si Lia.. iyak siya ng iyak at nagmamaka awa siya na mag aral akong mabuti at gawin ko lahat para hindi ako makick out at malayo sakanya. Doon ko naramdaman, na mahal ko nga pala talaga siya. Dahil habang umiiyak siya, nararamdaman kong nalulungkot rin ako. Pumayag ako. Nag aral akong mabuti. Tinuruan niya ko sa lahat ng subjects.. at hindi nag tagal, lumabas yung result ng exams. Sino bang mag aakala na yung isang tarantadong katulad ko, makakapasa diba? Pagkatapos nun, nag date na kami araw araw. Pinakilala ko siya**

**sa mga kaibigan ko, at ganun rin naman yung ginawa niya para sakin..”**

**“Si Lia.. nasan na si Lia ngayon?”** mahina kong tanong sakanya.

Huminga muna siya ng malalim. At pinagpatuloy na yung kwento niya. **“Isang araw, nalaman ko nalang na may sakit pala siya. Leukemia. Araw araw siyang nasa hospital, at araw araw ko rin siyang dinadalaw. Habang nakikita ko siyang hinang hina, parang unti unti kong narealize na yung buhay ng tao.. mahalaga pala talaga at hindi lang dapat basta basta sayangin. Hangga’t sa isang araw, nawala na siya sakin. Kinuha na siya sakin ng wala manlang akong kalaban laban. Nagalit ako sa Diyos nun. Bakit niya kinuha si Lia eh ang bait bait niya namang tao? Hangga’t sa isang araw.. May nakita akong babae na sumisigaw sa may tulay. Habang umiiyak yung babaeng yun, naalala ko yung sakit na naramdaman ko nung nakita kong umiiyak si Lia. Akala ko magpapakamatay ka nun, kaya pinigilan kita. Ayokong bumigay ka sa kung ano mang problemang pinagdadaanan mo. Kasi may mga taong lumalaban, para lang mabuhay.”**

Hindi ko namalayan na umiiyak na pala ko. Sobra kasing natouch ako sa kwento niya eh. Hindi ko mapigilang hindi umiyak.

**“Nagsinungaling ako sayo.”** Nakita kong nagulat siya sa sinabi ko.

**“Ha?”**

**“Nagsinungaling ako sayo nung sinabi kong lawyer yung papa ko at ipapakulong kita. Kaya hindi mo na kailangang gawin to. Hindi mo na**

**ko kailangang pakisamahan. Kasi ang totoo niyan, wala naman talaga akong daddy. Iniwan niya kami. Lumaki ako at si Baby Nathan na hindi manlang siya nakikilala."** Tulo lang ng tulo yung luha ko. Nakita ko naman si Patrick na walang imik at humiga lang sa buhanginan.

**"Matagal ko ng alam.. sinabi ng mama mo. Wag mong isipin na kaya lang ako nandito, kasi dahil dun. Nandito ako, at ginagawa ko to, kasi gusto ko. Kasi...**

***gusto kita."***

Nung marinig ko yun, bumilis yung tibok ng puso ko. Tama ba yung narinig ko? Gusto niya ko? Pero teka, anong karapatan kong gustuhin ng taong katulad niya?

Hindi kaya nakikita niya lang si Lia sakin? Hindi kaya, dahil naawa siya sa kalagayan ko? Hindi tama to. Hindi dapat kami masanay sa presence ng isa't isa dahil baka mahirapan lang kami after ng 30 days. At isa pa, hindi ko deserve na magustuhan ng isang taong katulad niya. Dahil baka hindi ko siya magawang mahalin ng buo....

*Like what Lia did.*

## CHAPTER 9

Sobrang boring ngayon kaya nag decide kami ni Patrick na mag grocery at mamili ng ingredients dahil gusto namin mag bake ng cookies. Sobrang init pa sa labas. Tirik na tirik yung araw kaya nakakapang init ng ulo. Summer nga talaga nakakamatay yung sikat ng araw eh.

Naglalakad na kami sa grocery at namimili na ng mga ingredients ni Patrick, ng bigla niyang ihinto yung cart.

**“Tine, may kulang paba tayo?”** tanong ni Patrick sakin. Tinignan ko yung cart, at nakita kong wala pa kaming flour.

**“Oo! Pano tayo mag bbake kung walang flour, Aber?”** Napakamot naman siya sa ulo niya.

**“Ay shet! oo nga. Sige tara, kuha muna tayo.”** Nagpunta kami sa wheat and flour section. Andun lang sa may sulok si Patrick at naghahakot ng chichirya habang ako yung pinakuha nya ng flour. -__-

Inaabot ko yung flour dahil nasa bandang itaas. Tapos nung finally nakuha ko na, pabalik na sana ko kay Patrick ng may nakabangga akong lalaki.

Sa sobrang lakas ng impact, tumalsik yung flour na hawak ko at bumukas tapos para mas masaya, sumabog sakin at sa paligid. Hahamunin ko na

sana ng suntukan yung nakabangga ko, pero nung makita ko siya, parang nakita ko yung sarili ko sakanya. Medyo kamukha ko siya, pero lalaki version. Para siyang si Baby Nathan na pinalaki. Nasa mga mid 30 na siguro yung edad niya. Nakita ko na nakatitig siya sakin, at ganun rin ako sakanya. Hangga't sa magsalita na siya.

**"Miss, sorry. Sorry Miss hindi ko sinasadya."** Tapos pinapagpag niya pa ko ng panyo niya.

**"Sorry? May magagawa ba yang sorry mo eh natapunan mo na ko? Pwede bang tumingin ka naman sa dinadaanan mo! Kung nanghihingi ka talaga ng sorry, bayaran mo yang flour na nahulog! Nakakahiya naman sakin eh."** Nakatitig parin siya sakin, parang nakikita niya rin na magka mukha kami. Hanggang sa inirapan ko nalang siya at naglakad na para kumuha ulit ng flour na panibago.

Pagka kuha ko, nakita kong nakatingin parin siya sakin. Iniwasan ko na siya ng tingin, at pumunta na kay Patrick. Sino kaya siya? Bakit medyo hawig siya ni Baby Nathan at hawig ko rin siya? May posibilidad kayang siya yung.. No way! Erase! ERASE! Never mangyayari yun dahil first of all, WALA NA KAMING DADDY NI NATHAN, Simula nung araw na iniwan niya kami!

Pagka kita sakin ni Patrick, natawa nalang siya sa itsura ko dahil may harina pa ko sa buhok. **"Bwahaha! Anyare sayo? Sabi ko, kumuha ka ng harina. Hindi yung isabog mo sa sarili mo yung harina."**

**"Pinagtatawanan mo ba ko!?"** sabay tinaasan ko siya ng kilay.

**“Eh? Hindi. Joke lang po kumander!”**

**“Badtrip talaga! Halika na. Mag punta kana sa cashier at pupunta lang ako sa CR.”** Naghiwalay na nga kami ng landas ni Patrick. Siya sa cashier, ako naman sa comfort room. Nakakainis talaga! Nakakapang sira ng araw!

Nung nasa comfort room na ko, binasa ko ng konti yung buhok ko at naghilamos na ko. Pinagpag ko rin yung damit ko dahil may puti puti rin. Nag aayos parin ako ng sarili ko ng bigla kong maramdaman na nagugutom na pala ko. Tinawagan ko si Patrick para itanong kung patapos naba siya at ng maka kain na!

**“Tapos ka na ba dyan!?”**

**“Hindi pa eh. Sobrang haba ng pila. Bakit? San kana?”**

**“Nagugutom na kasi ako eh.”** -__-

**“Antakaw mo talaga! Osige ganito nalang, bumili ka muna ng pagkain mo dyan tapos kakain nalang ulit tayo pag tapos ko dito. Okay?”**

**“Okay. Bye.”** Tapos binaba ko na yung phone.

Pumunta na ko sa food court para maghanap ng kakainan. Nag decide din ako na bilhan si Patrick. Napag isipan ko naman na pizza lang yung bilhan dahil kakain naman daw ulit kami mamaya. Habang inaantay ko yung order ko, umupo muna ko sa mga upuan na andun.

Hangga't sa maya maya, may umupong babae sa tabi ko. Teka, medyo familiar siya ah. Nagulat nalang ako ng pagharap niya, ngumiti siya agad sakin.

**"Uy, Tine!"**

**"Eh? Magkakilala tayo?"** tanong ko sakanya, sabay ngumiti siya ng malaki.

**"Hindi mo ba ko naaalala? Si Zia to. Yung ka glee club ni Andrea. Pinakilala niya ko sayo dati. Nasan na nga pala si Andrea? Kasama mo ba siya?"**

Bigla naman akong napayuko sa sinabi niya. **"Hmm.. Ano kasi.. Hindi ko alam. Hindi na kami magkaibigan."**

Nakita kong gulat na gulat siya sa sinabi ko. "**Ha? Bakit naman?!"**

Gusto ko mang magsinungaling, pero bakit? Mang aagaw naman talaga si Andrea ah. Dapat narin siguro malaman neto, para maiwasan niyang maagawan.

**“inagaw niya kasi yung boyfriend ko. Haha! Ang galing no? Sarili ko pang bestfriend, trinaydor ako. Sana wag na natin siyang pag usapan.”**

Nakita kong biglang nag iba yung expression niya. Mula sa ngiti niya, bigla siyang napasimangot. **“Tine.. hindi naman sa nakikialam ako ha, pero kilala ko yun si Andrea. Hindi niya magagawa yun. Nakwento niya nga sakin dati na may childhood crush siya as in bata palang sila, magkasama na sila. Ano ata.. Karl ata yung pangalan nun.”** Nanlaki naman yung mata ko nung marinig ko yun.

**“Ano yung tungkol kay Karl?!”** halos pasigaw kong sabi.

**“Hmm.. magkasama nga daw silang lumaki. As in halos hindi na sila mapaghiwalay ng dahil sa closeness nila. Bestfriends yung parents niya, kaya ganun. Hanggang sa isang araw, nadagdagan daw yung bestfriend niya. Girl naman daw. Mabait daw yung babaeng yun, kaya lang lagi daw binubully dahil wala raw atang daddy. Gusto niya raw ipagtanggol yung kaibigan niyang yun, pero dahil babae rin siya, wala daw siyang magawa. Kaya pinakiusapan niya raw yung Karl na bestfriend niya na iligtas yung girl. Tuwang tuwa nga raw siya nung ginawa yun ni Karl. Hangga’t sa pag tapos daw iligtas nung Karl yung girl, araw araw naraw silang lumabas nun na halos hindi naraw nila napapansin si Andrea. Ayos lang daw sakanya, dahil kaibigan niya naman daw yung girl. Odiba, ang martyr ng lokang Andreang to!”**

Medyo napaisip naman ako dun. Alam kong ako yung girl na tinutukoy sa kwento na iniligtas ni Karl. Nag isip sandali si Zia, hanggang sa ituloy niya na yung kwento.

**"High school naraw sila ng balak ng umamin ni Andrea na gusto niya daw yung childhood best friend niya na si Karl. Kaya lang, nung nagtanungan daw sila nung isa niyang bestfriend na girl kung sino yung mga gusto nila, nalaman niyang may gusto rin daw pala yun kay Karl. Natutunan niya nalang mag let go, dahil ayaw niya namang masaktan yung best friend niya na yun. Ang sabi pa niya, di bale ng siya masaktan wag lang yung best friend niya. Kung nakita mo lang sana kung gano siya kalungkot nung nagparaya siya, para lang maging masaya yung bestfriend niyang yun.."** dahan dahang tumulo yung mga luha ko ng hindi ko namamalayan. Hangga't sa biglang tawagin nung crew yung number ko.

**"Number 4, Bacon and cheese pizza."** Napatigil ako sa pag iyak ng marinig ko yun. Tumingin ako kay Zia, na nakatingin rin sakin.

**"Salamat sa kwento Zia ha.."**

**"Okay lang. Sana, maging ayos narin kayo ni Andrea. Mabait siyang tao, at alam kong hindi ka nya magagawang saktan. Kung nagawa ka man niyang saktan, may rason yun. Sige, una narin ako. Andun narin order ko eh. Ingat."** Tapos nag wave na siya. Kinuha ko yung order ko at halos wala ako sa sariling bumalik sa supermarket.

*Andrea..*

*Noon pa niya gusto si karl, pero nagparaya siya dahil ayaw niya kong masaktan. Kahit na nasasaktan ako ngayon, hindi ba't sobrang naging*

*selfish ako sakanya? Sariling kaligayahan ko lang yung iniintindi ko.. Iniisip ko lang kung pano ko magiging masaya, habang nasasaktan yung bestfriend ko. Hindi ba saming dalawa, ako yung walang kwenta?*

Bigla kong naisipan na puntahan si Andrea para tanungin siya ng tungkol dito. Tinawagan ko rin si Patrick na mauna na siyang umuwi dahil may dadaanan pa ko.

..

…

……..

…………

Pag dating ko sa bahay nila Andrea, nakita ko na patay yung mga ilaw sa loob. Door bell ako ng door bell, pero walang nagbubukas ng pinto. Hangga't sa may dumaan na ale at kinausap ako.

**"Miss. Walang tao dyan ngayon. Dinala kasi nila yung anak nilang, Andrea ba yun? Andrea yung pangalan sa Hospital dahil inatake ng asthma. Mga ilang araw narin silang wala dyan."**

Nanginginig akong nagsalita. **"A-alam n-yo po ba saang hospital?"**

**“Pasensya na iha. Pero hindi ko alam. Kung gusto mo, antayin mo si Aria. Yung mama ni Andrea na dumating. Mga alas otcho yun dumadating para kumuha ng mga damit at makakain nila dyan.”**

**“Sige, salamat po.”**

**“Walang anuman.”** Tapos umalis na siya. Umupo muna ko sa may pavement sa labas ng bahay nila Andrea. Iyak lang ako ng iyak habang nag aantay.

Sorry Andrea, Sorry kung hindi ko alam yung mga pinagdaanan mo para lang maging masaya ako. Imbes na magalit ako sayo, dapat nga nagpapasalamat pa ko. Ako yung traydor at walang kwentang kaibigan. Masyado akong nasilaw sa pagmamahal, na sinira ko yung pagkakaibigan natin ng dahil dun.

Antay lang ako ng antay, hanggang sa naramdaman kong naka idlip na ko habang yakap ko yung mga tuhod ko. Unti unti naman akong nagising nung may narinig akong tumawag sa pangalan ko.

**“T-tinee..iha..”** napa angat ako ng ulo nung marinig ko yung boses na yun. Si Tita Aria, mama ni Andrea. Tumayo agad ako at nag mano sakanya.

**“Tita.. Andito po ako para manghingi ng—“**

Ngumiti siya sakin at hinawakan ako sa balikat. “**Alam ko. Halika, pasok ka.”** Tapos inaya niya kong pumasok sa loob. Pumasok kami dun at umupo sa sala. Inikot ko yung tingin ko sa bahay. Dito kami gumagawa ng homeworks at nagdadaldalan madalas ni Andrea. Halos dito rin nabuo yung pagkakaibigan namin na hindi ko malaman sa sarili ko kung bakit ko hinayang mawala.

Pumunta muna sandali si tita sa kwarto ni Andrea, tapos lumabas din siya agad at may dala dalang parang notebook.

**“Eto iha. Diary to ni Andrea. Sabi niya sakin bago siya maconfine, ibigay ko raw to sayo pag sakasakaling mapadaan ka at maisipan mo siyang puntahan. Alam ko yung nangyari sainyo ni Andrea iha..”**

Napayuko naman ako dun. **“Tita, sorry po. Hindi ko naman po gustong magalit sakanya. Ngayon po, mas naiintindihan ko na po.”**

**“Hindi mo kailangang humingi ng tawad, dahil dumadating talaga yan sa buhay ng magkaibigan. Alam kong nasaktan ka ni Andrea, pero maniwala ka man o sa hindi.. mahal ka talaga ng anak ko na parang kapatid niya. Tine anak, sana dumating din yung araw na magka ayos kayong dalawa. Teka, maiwan muna kita dahil magluluto ako ng hapunan. Dito ka narin mag dinner tamang tama wala akong kasabay kumain dahil yung papa ni Andrea yung nagbabantay dun sa hospital ngayon.”**

**“Tita, san po naka confine si Andrea?”**

**“Sa UST hospital. Pupunta ako dun bukas ng umaga, gusto mo bang sumama?”**

**“Opo. Sasama po ako.”**

**“Osige, sabay na tayo bukas. Teka lang, maiwan muna kita ha.”** Tapos pumunta na si tita sa kusina. Tinignan ko naman yung diary ni Andrea. Front page palang, may picture naming dalawa. Eto yung napapansin kong ginagawa niya dati, pero ayaw nyang ipakita sakin.

Binuksan ko yung diary, tapos binasa ko yung unang page.

---

*Dear Diary,*

*Sinusulat ko lang dito yung masasaya at malulungkot na nangyayari sakin. Hindi ako magsusulat dito ng pang araw araw. Hehe! Yung mga mahahalaga lang.*

*Alam mo ba, ngayon, nag punta kami ng bestfriend kong si Karl sa amusement park. Grabe! Extreme! Sobrang saya! The best talaga yung bestfriend kong yun. Anyways, parehas kami ng papasukan sa highschool. Yeeey! :)*

----

*Dear Diary,*

*High school na ko at may nakilala kong mabait na girl. Tine ang pangalan niya. Mabait siya sobra, kaya lang, binubully siya ng mga classmates at schoolmates namin dahil wala raw siyang daddy. Medyo nalungkot naman ako kasi wala ring daddy yung bestfriend kong si Karl. Alam mo ba, umiiyak si Tine lagi. Pero hindi ko hahayaan yun noh! Ako magiging super hero niya. Pero.. Nakakalungkot lang isipin na wala akong magawa dahil hindi naman din ako malakas :( Ano kaya kung pakiusapan ko yung malakas kong bestfriend na si Karl? Sa tingin mo? :D*

*--*

*Dear diary,*

*Tuwang tuwa ako dahil tumigil na yung mga nambubully kay Tine. Nakikita ko narin siyang ngumingiti. The best talagang super hero yung bestfriend kong si Karl! Kaya medyo crush ko siya eh. Hahaha uy! Wag kang ganyan. Crush lang naman eh. Wala pang something. Nakikita ko rin na nagiging close na si Karl at Tine. Okay yun! Magiging close na yung dalawang bestfriends ko. :D*

--

*Dear diary,*

*Birthday ni mama ngayon. Pero hindi nakapunta si Karl dahil sinamahan niya raw si Tine. Okay lang na hindi siya nakapunta, marami pa namang chance na pwede siyang pumunta dito diba? At least, nagiging close sila ng girl bestfriend ko. Ang gusto ko lang naman, maging happy rin si Tine dahil deserve niya naman talaga yun! Everyone deserves to be happy, right? :)*

---

*Dear Diary,*

*Nakita ko si Tine at karl na magkasama sa school. Hindi ata nila ko napansin, dahil busy sila sa pag uusap. Hindi naman sa pagiging maramot, pero bakit parang unti unti ng nawawala sakin yung dalawang best friend ko? Parang nakakaramdam ako ng pagka selos. No! Hindi pwede to!! Hindi ako dapat maging selfish pag dating sa mga kaibigan ko.*

---

*Dear diary,*

*Nagkatanungan kami ni Tine kanina kung sino yung crush namin. Excited akong sabihin na si Karl yung crush ko, kaya lang pinauna ko siyang magsabi nung kanya. Nagulat ako. Nagulat akong parehas pala kami ng taong gusto. Nakita kong tuwang tuwa si Tine at masaya siya nung sinabi niya yun sakin. Hindi ko nalang sinabi sakanya na si Karl din yung crush ko, dahil ayoko siyang masaktan. Anong gagawin ko? Panahon naba para mag let go at umiwas ako kay Karl, para sa isa pang bestfriend ko?*

---

*Dear diary,*

*Umiiwas ako kay Karl dahil ayokong masaktan si Tine. Gusto kong magparaya para sa bestfriend ko. Hanggang sa kinausap ako ni Karl ng masinsinan. Tinanong niya ko kung bakit ako umiiwas, sabi ko nalang kasi nasasaktan akong makitang sobrang close na nila ni Tine. Tinanong niya ko kung mahal ko ba siya, tinigan ko lang siya sa mata at umiyak nalang ako. Sinabi kong wala akong gusto sakanya at maging masaya nalang siya kasama si tine. Ang sakit mag sinungaling sa totoong nararamdaman mo. Pero mas masasaktan siguro ako pag ng dahil sakin, masaktan yung bestfriend ko diba?*

--

*Dear diary,*

*Nalaman kong si tine na at karl. Grabe! Parang unti unting dinudurog yung puso ko nung malaman ko yung balitang yun mula kay Tine. Pero nakikita ko sa mga mata nya kung gano siya kasaya, siguro naman… worth it tong sakit na nararamdaman ko.. ngayong nakikita kong masaya sila. Masaya ko ng sobra para sa bestfriend ko. Hindi ko kakayanin na masaktan siya ng dahil sakin. Di bale ng ako yung masaktan. Ganun naman talaga dapat ang bestfriend diba?*

--

Nung mabasa ko yun, hindi ko mapigilan yung sarili ko sa kakaiyak. Hindi tumitigil yung pagpatak ng luha ko dahil sa mga nabasa ko. Andrea, Sorry. Sobrang sorry sa lahat ng nagawa ko. Sana mapatawad mo pa ko sa mga nasabi at nagawa ko. Sa friendship na to, ikaw lagi yung nagbibigay, at ako yung laging tumatanggap. Anong klaseng kaibigan ba ko?

Siguro panahon na, para itama ko lahat ng pagkakamali ko. Ayoko ng maging selfish, gusto kong maging worthy naman ako sa lahat ng sacrifice na ginawa niya para sakin.

# CHAPTER 10

After ko kumain sa bahay nila Andrea kasama yung mama niya, umuwi na ko sa bahay namin. 9:45 na pala sa orasan ko. Nag pilit pa yung mama ni Andrea na ihatid ako, pero dahil babae din siya at mag iisa siyang babalik dito, sinabi ko nalang na maghahanap nalang ako ng Taxi. Nasa highway na ko, pero wala talaga akong makitang Taxi kaya nag jeep nalang ako. Dahil halos lahat nasa bahay na ngayon, kokonti nalang kami sa loob ng jeep. Isang babae tapos dalawang lalaki nalang tapos ako yung nandito. Nung nasa tapat na ng subdivision, nag para na ko sa driver at nagsimula ng maglakad papasok. Hindi pa ko nakakalayo ng may marinig akong sumigaw.

**"MISS!!"** tapos lumingon ako at nakita ko yung dalawang lalaki na kasabay ko sa jeep kanina.

**"Naiwan mo yung panyo mo miss."** Tinignan ko naman yung panyo, kelan pa ko nag dala ng panyo? Hindi akin yan. Nakaramdam na ko ng matinding kaba dahil sa mga tingin nung dalawang lalaki. Kaya dinial ko agad mula sa likod ko yung number ni Patrick. Hindi ko alam kung sinagot niya na ba, pero hinahayaan ko lang na marinig niya yung nangyayari dito para pumunta siya.

**"Hindi akin yan! Andito na ko sa tapat ng subdivision namin! Kaya umalis na kayo!"** sigaw ko dun sa dalawa. Tumalikod na ko at bigla nalang hinawakan nung isang lalaki yung braso ko.

**"Miss, magpapakilala lang sana.."**

Nagpupumiglas ako sa hawak niya sa braso ko, pero ang higpit ng kapit niya. Humarap nalang ako sakanya tapos sinigawan siya.

**"Ayaw kong makilala ka! Ang panget mo kaya! Mukha ka pang jejemon!"** then sinipa ko siya ng sobrang lakas *down there.* Napahiga siya at namilipit sa sakit. Nakita kong nanlisik yung mata nung kasama niya.

**"TARANTADO TO AH!"** tapos lalapit na sana siya sakin ng biglang may humigit ng t-shirt niya at sinuntok siya sa mukha. Nakita kong si Patrick yun na naka jacket at sobrang nakakatakot yung itsura niya. More like a gangster. Parang ngayon ko lang nakita yung side niyang ganito. Bakit pag kasama niya ko, tinatanggap niya lahat ng utos ko at hinahayaan niya kong paru-parusahan siya? When in fact, kaya niya rin akong sapakin ng parang ginagawa niya ngayon dito sa lalaking to. -__-

Napupuruhan na yung lalaking sinusuntok ni Patrick kaya lumapit na ko para awatin siya. Hinahawakan ko yung fist niya, pero nakikita ko paring nang gigigil siya. Bigla nalang pumito yung mga security guards ng subdivision at lumapit samin. Tumigil na si Patrick sa pag suntok at hinawakan ako sa kamay.

**"Manong, yang mga yan! Nang gugulo dito! Binastos girlfriend ko eh!"** bigla akong nabato sa kinatatayuan ko ng marinig ko yung *'girlfriend'* niya raw ako. Hindi ko alam kung ano tong nararamdaman ko. I just blushed and felt butterflies inside my tummy. -__-

Kinuha nung mga security guards yung dalawang lalaki tapos hinila na ko ni Patrick papasok ng subdivision. Para talagang hindi siya yung Patrick na pumapayag sa mga kalokohan ko, this is another side of him. This is his bad boy's side.

**"uy. Thank you sa pag punta.”** Mahina kong sabi sakanya.

**“San kaba galing? Bakit hindi ka manlang nag sasabi kung san ka pupunta?! Bigla bigla ka nalang nawala sa mall kanina.”**

**“Eh? Sorry. Long story kasi eh. Ikekwento ko rin sayo next time. Teka, natutulog ka na ba kanina? Naistorbo ba kita sa tawag ko?”**

**“Kanina pa ko nag aantay sa bahay niyo! Naka tulog na nga mama mo eh! Andun lang ako sainyo all this time!”**

**“WHAAT? Omo. Sorry. Yung mga pinamili natin?”**

**“Nasa bahay nyo.”**

**“Matutulog ka na ba? Wag ka munang umuwi! Mag bake muna tayo!”** then we walked to my house holding each other's hand.

..

….

……..

…………..

10:30 na at andito parin sa bahay si Patrick. Kinwento ko na sakanya yung nalaman ko tungkol kay Andrea at Karl. Sinabi ko rin na dadalhan ko si Andrea ng binibake kong to.

**“Ganun? So okay na kayo? Mag aayos na ba kayo?”**

**“Pupunta ako sa hospital bukas. Titignan ko yung lagay niya at gusto ko naring mag usap kami. Masyado akong kinain ng galit ko kaya kailangan kong humingi ng sorry sakanya. Kahit naman ganito ako, marunong din ako mag sorry sa alam kong kasalanan ko. Ayoko sa mga taong nakakasakit sila, pero kahit kelan, hindi sila nag hanap ng way para humingi ng tawad.”**

Tinignan lang ako ni Patrick na halatang na-gets niya na yung biological father ko yung tinutukoy ko dun.

**“Mag dadrama na naman ba tayo dito?”** tanong sakin ni Patrick habang kumakain ng pringles at nakasampa pa yung paa sa lamesa. Hanep to ah! At home na at home!

**“Tse! Pero kasi.. may nakita akong lalaki na parang hawig ko or should I say.. lalaki version ko. Parang si Baby Nathan. Naiisip ko kasing may possibility na baka.. alam mo na.”**

**“Hmm.. Anong gagawin mo pag isang araw nakita mo yung papa mo?”**

Bigla naman akong napahinto at napaisip dun. **“Wala. Hindi ko siya mapapatawad.”** Hinanda ko na yung cookies na nasa tray at nilagay na sa loob ng oven.

**“11:20 na, wala kabang balak umuwi? Dadalhan kita bukas ng cookies pagka galing ko sa hospital. Kkwentuhan din kita sa mga nangyari.”**

**“Okay. Sarapan mo yang cookies ha!”**

**“Eh? Sana masarap. First time ko lang to eh. Halika na, hatid na kita sainyo.”** Lumabas na kami ng bahay at nung nasa may gate na kami.. huminto si Patrick.

**“Dito nalang.”**

**“Sure ka? Ayaw mong ihatid kita sainyo? Bahala ka! Rare chance lang to. Ngayong hindi ako masungit at tinatamad.”**

He just smiled at me. **"Alam mo.. masaya kong makita kang ganyan. Don't worry Tine, mapa masungit or mapa mabait, kahit ano dun… bagay sayo."**

Bigla naman akong na curious. **"Pero anong mas gusto mo?"** I asked with a serious voice.

Lumapit siya sakin and he tucked my hair behind my ears. **"Yung gusto ko? Yung ikaw. Yung totoong ikaw. Don't be afraid to show who you really are, Tine. Because I will always be here kahit ano ka pa."**

Lumapit pa siya lalo sakin and he gazed at me with his eyes full of emotions that I can't even explain what. Napapikit nalang ako nung hinalikan niya ko sa may noo ko. The touch of his lips up on my forehead gave me a smile. **"Good Night. Don't make me worry again. Kahit matapang ka, kahit kaya mo sila, tandaan mong babae ka parin. And you deserve to be taken care of. You deserve someone who will do that for you."**

Napamulat ako nung sinabi niya yun. I can see him looking straight into my eyes, and he whispers. ***"I hope you will let me be that guy. Sweet dreams."***

I felt an undescribable feeling in my chest. My heart is beating so fast, I got butterflies in my tummy. No! Not butterflies. I felt the entire zoo in my tummy. Nung last time kong maramdaman to, nung kay Karl pa noon. And hindi ako makapaniwalang may ibang tao ng nagpaparamdam sakin nito ngayon.

This is bad. This is really bad.

Yes, Patrick can love me. He can take care of me in the best way he can..

Ang tanong,

What about me?

Kaya ko rin bang gawin yun para sakanya?*Habang alam ko sa sarili ko, na mahal ko parin yung taong nang iwan sakin.*

# CHAPTER 11

Maaga palang nag ayos na ko ng sarili. Pupuntahan ko ngayon si Andrea. Pupuntahan ko yung best friend ko sa hospital. Pag tapos ko maligo at magbihis sa bathroom ng second floor, bumaba na ko at dire diretso ako sa ref para i-ready na yung cookies na binake ko kagabi. Hindi ko parin to natitikman kaya sana masarap. Bago ko buksan yung pinto ng ref, may nakita akong note na nakadikit dun.

*Tine,*

*Mama and Nathan went to your tita Carol para may kalaro si Baby. We will be back by 4 pm. Nag iwan ako ng food sa table. Eat ka na =) I love you.*

*- Mama*

After ko mabasa yun, binuksan ko na ng tuluyan yung ref at kinuha yung cookies na nasa tray parin. Kumuha rin ako ng orange juice at nilagay yun sa dining table. Pag bukas ko ng mga takip na nasa lamesa, nakita ko na may bacon and sunny side up eggs and sinangag rice. Umupo muna ako then kumain.

After ko kumain at mag hugas ng plates, kumuha na ko ng tupperware para lalagyan ng cookies. Bago ko takpan yung tupperware, kumuha muna ako

ng isa para tikman. Kaso nakakaisang kagat palang ako, nasusuka na ko. Omo! Bakit ganito yung lasa? Sobrang sama!!! >///<

Bigla tuloy akong nahurt. Wala na nga akong talent sa pagluluto dahil takot ako sa mantika, hindi pa ko makapag bake ng ayos. Nakakaiyak naman. -__-

Nilagay ko nalang ulit sa ref yung mga cookies. Bibili nalang ako ng ready made on my way sa hospital. Baka kasi lalong magkasakit si Andrea pag natikman niya to eh. Lumabas na ko ng bahay then nilock ko na yung pinto. Sumakay ako ng taxi then dinaanan ko si Tita Aria, mama ni Andrea sa bahay nila. After nun, we are already on our way to the hospital. Pero bago yun, dumaan muna kami sa bakeshop para bumili ng cookies.

Nung makarating kami sa hospital, dumiretso na kami sa room ni Andrea. Andun yung papa niya at nag mano naman ako. Umalis din siya agad dahil nag shift lang sila ng mama ni Andrea. Tulog pa si Andrea at makikita ko sa itsura niyang, nanghihina siya. Noon palang alam ko ng may sakit na asthma si Andrea, pero ngayon lang talaga siya nahospital ng ganito.

Umupo ako sa upuan sa tabi ng kama niya, then hinawakan ko yung kamay niya. Hanggang sa unti unti niya ng binuksan yung mata niya. Pagka kita niya palang sakin, nakita kong gulat na gulat siya pero nginitian ko lang siya. Tumingin siya sa mama niya para mag tanong siguro kung bakit ako andito, pero ngumiti lang din yung mama niya.

**“Anak, Tine, iwan ko muna kayo. Bibilhin ko lang yung mga gamot dito sa prescription ng doctor sa pharmacy.”** Tapos kinuha niya yung wallet niya sa loob ng bag, then lumabas na ng room. Naiwan nalang kaming dalawa ni Andrea dito sa loob.

Tumingin ako sakanya at nakita kong medyo naluluha siya. Napansin niya yung pagkakahawak ko sa kamay niya, kaya pinisil niya yun ng mahina. **“Tine..”** she said with a low voice. **“I am really sorry for everything that happened. You know you’ve always been like a sister to me. Sorry kung nasaktan kita, sorry kung—“**

**“Shh.. Andrea, I should be the one saying sorry. You’ve sacrificed enough para lang maging masaya ko. Sorry ng dahil sa mga sinabi at nagawa ko, masyado akong nabulag sa galit. Now I realize things up, and I can say na after everything that happened.. mas narealize ko na wala parin dapat tatalo sa friendship na meron tayo.”**

I can see her crying, and I can feel my own tears streaming down my face. **“I value you so much like my own sister. And I think I should tell you the truth..”**

**“Truth?”**

**“I don’t have asthma. What I have is something worse. Something to do with my heart, Tine.. It’s a heart disease. I dunno if it can be cured by medicines or an operation. I’m scared. Really scared of anytime, my heart will stop beating. Natatakot akong mawalan ng chance para**

**masabi sakanya kung ano talagang nararamdaman ko. If you read my diary, you know who I'm talking about. I was the one who ruined what's between you and Karl. I told him my feelings that I kept for a long time. Alam kong mahal ka niya, sobrang mahal ka niya. Pero ginamit ko yung sakit ko para palakasin yung loob kong sabihin sakanya lahat lahat. Naawa siya sakin, he got confused about everything. Kaya para hindi ako masaktan at para mabigyan niya ko ng enough time para alagaan, he had no choice but to break up with you. Araw araw kong nakikita kung gano siya nahihirapan sa mga nangyari at sa masasakit na sinabi niya sayo. At nung nakita ko yung mga mata mo nung araw na nagkita tayo sa mall, nakita ko rin kung gano ka nasasaktan ng dahil sakin. Ng dahil samin. I shouldn't have told him what I feel dahil may iba na siyang mahal. At ikaw yun. For that.. I'm really sorry. I'm really sorry."**

Tumayo na ko mula sa pagkakaupo ko sa upuan at niyakap ko siya. Hindi masyadong mahigpit dahil may mga dextrose siya. Hinaplos haplos ko rin yung buhok niya while we are both crying our hearts out. **"Don't cry. Makakasama sayo yan. About what happened between me and Karl, hayaan mong ako na yung umayos nun. Sometimes I wonder why love can't be perfect. No matter how true love is, it just always has the bad side about it. And about the heart disease, don't worry Andrea we will always be beside you. Andito na ko ulit, and hinding hindi na kita iiwan kasi ikaw yung first ever bestfriend ko. Don't be scared about the disease, you are a strong girl right? I know that everything would be alright."**

**"Thank you Tine. Masaya ko kasi nagkaron ako ng kaibigan na kagaya mo. And I will forever regret hurting you. I've missed you."**

Kumalas na kami sa pagkakayakap namin sa isa't isa. Natawa nalang kami nung makita naming umiiyak na kami parehas. Pinunasan namin yung luha ng isa't isa, then napangiti kami parehas. **"Hahaha! Sobrang cheesy na natin."**

**“Oo nga eh. Pero seryoso namiss kita.”**

**“Namiss din kita. Yung mga kalokohan nating dalawa. Anyways, nagdala ako ng cookies. Favorite mo to diba?”**

**“Talaga? Wow. Buti nalang kasi nagsasawa nako sa hospital food na halos walang lasa. Haha!”** kinuha ko yung cookies tapos kumain kami parehas at binuksan namin yung tv para manood ng Twilight sa HBO. Fan girls talaga kami ni Edward Cullen at Jacob Black eh.

Habang nanonood kami, nagkekwentuhan rin kami. Hanggang sa maya maya, napagod na siya at kailangan niya na munang magpahinga. Umupo lang ako sa sofa sa gilid habang pinapanood siyang matulog. This is my bestfriend. Ito yung unang taong nakapansin sakin, habang yung lahat iniiwasan at binubully ako sa kadahilan na hindi naman nila naiintindihan. Ginusto ko ba na lumaki ng walang daddy? Ng dahil sa mga ginawa nila sakin, mas lalo akong lumaki na galit sa sarili kong ama. Wherever he is, sana makonsensya siya na hinayaan niya kami ni baby Nathan na lumaki na may kulang samin. Whoever he is, I think I don’t need to know. After all, I’ve overcome everything without him.

I came back to the present nung biglang may bumukas ng pinto. Pumasok sa loob yung mama ni Andrea na may dala dalang plastics na galing ata sa pharmacy. Nagulat naman ako nung nakita kong kasama niya si Karl. Halos sumabog yung puso ko nung magkatinginan kami sa isa’t isa.

And there..

*The same old feeling went back.*

## Chapter 12

Nagkatingan kami. Eye to eye. His eyes, never leaving mine. Mga ilang segundo yun hanggang sa magsalita na yung mama ni Andrea.

**“Sige na. Hindi na kayo bata kaya alam niyo na kung anong kailangan niyong gawin. You need to talk, and settle things.”**

Tumango naman si Karl at binuksan yung pinto sabay lumingon sakin ulit, **“Lunch?”** then tumango ako sakanya and the next thing I saw, andito na ko sa hallway ng hospital kasama niya.

Nurses, patients, doctors are passing by us pero wala parin kaming imik sa isa’t isa. Hanggang sa bigla siyang magsalita.

**“San mo gustong kumain?”**

**“Ah? Ang totoo niyan, hindi ako gutom kasi marami akong kinain kanina sa bahay.”** Bigla naman siyang napaisip.

**“Drinks?”**

**"Sige."** Naghanap kami ng vendo machine sa hallway ng hospital. Meron naman kaming nakita at nag hulog si Karl ng bill dun. Medyo nagulat ako kasi pag bukas niya ng wallet niya, nakita ko dun yung picture naming dalawa. Hindi niya parin pala inaalis. Then maya maya, nahulog nalang yung mga canned pineapple juice namin. Umupo kami sa mga upuan na nasa tabi ng vendo machine.

Walang tao sa hallway, tahimik, and we can only hear each other's breath.

Binuksan ko yung drink ko, then uminom ako ng konti. Then he started the conversation. **"Tine.. I don't know how to say sorry sa lahat ng nasabi ko. Alam kong nasaktan talaga kita, and sana alam mong nasaktan rin ako. Yung sa mall, nung araw na yun, hindi ko talaga meant na sabihin yung mga bagay na yun. Sinabi ko lang lahat ng yun, para ikaw na yung mag decide na iwan ako. Pero hindi pala madali yun kasi mahal mo talaga ko.."**

Tumingin ako sakanya at nakita kong seryoso siya. He is so damn serious, then suddenly nakaramdam ako ng heart ache. I've missed him. I've missed talking to him like this. *I've missed us.* Napansin niya namang nakatingin ako kaya yumuko siya at uminom ng juice na hawak niya.

He only said those hurtful words to me para ako na yung kusang umalis? Does that mean puro kasinungalingan lang lahat ng sinabi niya sakin nung araw na yun? Pwede ba kong mag assume na kasinungalingan lang din yung sinabi niyang hindi niya na ko mahal?

I stopped from my reverie when he spoke again. **"Alam kong galit ka parin sakin, pero naiintindihan ko naman kung bakit. I didn't mean to**

**hurt you. And—"** hindi ko na pinatapos yung sasabihin niya at nagsalita na ko.

**"It's okay. Mas naiintindihan ko na lahat ngayon. Ginawa mo lang lahat ng yun because you care for Andrea. You care for my bestfriend. OUR bestfriend. Thank you Karl. You don't have to say sorry, because the moment that I knew everything about the reasons behind our break up.. Napatawad na kita."**

Nakita ko siyang ngumiti ng pilit. Kaya humarap ako sakanya and offered my hand. **"Friends?"**

Nakita kong seryoso lang yung tingin niya sakin. Hindi siya nagsasalita, nakatingin lang siya sakin. Anong iniisip niya? Anong nafefeel niya ngayon? Hangga't sa magsalita siya ulit at tanggapin yung kamay ko. **"Friends.."**

..

..

……

…………….

Nag meryenda kaming magkakasama sa loob ng hospital room ni Andrea. Everything's okay among the three of us. Okay na kaming lahat kaya masaya ko para sa araw na to. Nung mga 3:30 pm na, nakareceive ako ng text from Patrick.

From: Pat

Hoy. Scavenger ka ng cookies! Hindi nagbibigay to oh. Tapos ka na ba sa hospital? Gusto mo sunduin kita?

Nagreply naman ako sakanya at sinend ko kung nasang hospital ako. 2 minutes lang, naka receive ako ng reply.

From: Pat

Okay. On the way na ko. Mga 10 minutes andyan na ko. Wag ka magalala, alam ko na parusa ko pag nalate ako kaya hindi ako magpapalate kumander! :P

Nung mabasa ko yun, hindi ko mapigilang mapangiti. Maybe he was the reason why ang dali kong napatawad si Karl sa mga nangyari. Parang narealize ko na, yung break up namin ni Karl, kahit gano yun kasakit, may good side din yun. Ano?

Nang dahil dun, *nakilala ko si Patrick.*

We met during the loneliest time of my summer day. I met him one rainy summer night. That same night when we started our 30 days of summer together. Pagkatapos ng 30 days, ano na kayang mangyayari samin? Yan ang hindi ko alam. Ang mahalaga, yung ngayon. Yung mga araw bago matapos tong summer namin na magkasama.

10 minutes later, naka receive na ko ulit ng text galing kay Patrick. Nasa hallway naraw siya ng 4th floor ng hospital. Tumayo na ko at nagpaalam kay Andrea at kay tita Aria.

**"Babalik ako bukas Andrea. Magpagaling ka ha. See you tomorrow!"**

**"Thank you sa pagdalaw Tine. See you tomorrow."** Nagbeso pa kami sa isa't isa. At nung palabas na ko ng pinto, hinabol pa ko ni Karl.

**"Hatid na kita."** Tumango lang ako sakanya and lumabas na kami ng tuluyan sa hospital room ni Andrea. Naglakad kami sa hallway ng tahimik hangga't sa magsalita siya.

**"Mag isa kalang bang uuwi? Gusto mo ba hatid na kita?"** biglang bumilis yung tibok ng puso ko nung marinig ko yun. The same old feeling

went back. The memories of us together came back. Nakatitig lang ako sakanya, speechless hanggang sa may biglang umakbay sakin at hinead lock ako.

**"Kanina pa kita inaantay dito. Haha! Tagal mo."** And I saw Patrick's smiling face. His smiling face.. and Karl's serious expression.

**"Hmm.. Patrick, Karl. Karl, Patrick. Hindi naging maganda yung una niyong pagkikita, kaya sana maging okay narin kayong dalawa ngayon."**

Ngumiti lang si Patrick tapos inoffer niya yung kamay niya, **"Patrick nga pala."**

Nakatingin lang si Karl. Palipat lipat yung tingin niya saming dalawa ni Patrick, hangga't sa tinanggap niya na yung shake hands. Nung magbitiw sila, hinawakan na ni Patrick yung kamay ko. **"Tara na. Excited na kong matikman yung cookies eh."**

Hindi na nagsalita si Karl after nun, kaya nag wave na ko sakanya. **"Bye. Ingat pag uwi mo mamaya."**

Then naglakad na kami ni Patrick papunta sa elevator at papalabas ng hospital. Tahimik lang kami parehas sa di malaman na dahilan habang nasa taxi kami pauwi sa subdivision.

Nung nasa tapat na kami ng bahay namin, nagbayad na si Patrick sa taxi at bumaba na kami. Wala parin kaming imikan hanggang sa buksan ko yung pinto ng bahay. Wala parin ata sila mama. Dumiretso si Patrick sa Ref at kinuha yung cookie jar. Binuksan niya yun, tapos kumuha siya ng isa tapos kinain yun.

Inaantay ko lang yung expression niya, hanggang sa magsalita siya. **“Wow! Ang sarap! Pwede ka ng mag audition sa master chef. Ito na ata pinakamasarap na cookies na natikman ko!”** tapos kumuha ulit siya, then kumuha ulit. Mukha pa siyang masaya habang kinakain niya yun.

Napangiti nalang ako. Alam kong hindi masarap, dahil natikman ko yun kaninang umaga. Sinasabi niya lang masarap dahil ayaw nyang mahurt ako. This is Patrick. My own version of a super hero. He always knows the right words to say sa mga panahong malungkot ako. Yep, sobrang lungkot ko ngayon after sa conversation namin ni Karl kanina. Kahit na napatawad ko na siya, masakit parin para sakin na hanggang magkaibigan nalang kami ngayon. Bigla naman akong napatigil sa pagiisip ng lumapit si Patrick at inaabutan ako ng cookies.

**“Gusto mo?”** alok nya ng may malaking ngiti.

**“Natikman ko na yan kanina. Hindi mo na kailangang magsinungaling na masarap, kasi hindi naman. Ang pangit kaya ng lasa na kahit ako na gumawa mismo, hindi ko kayang tiisin.”**

**“Ganun ba? Eh bakit mauubos ko na?”** tapos inangat niya yung jar at nakita kong konti na nga lang yung laman nun.

**“PANO MO NATIIS KAININ YAN?”** =__=

**“Pag hindi ko kinain to, edi masasayang effort mo diba. At least sinubukan mong mag bake. Hayaan mo sa susunod, maayos mo na to. People are getting smarter the second time around, you know!”**

**“Eh? Ang lalim naman nun! Mag luto nalang tayo ng pancakes.”**

Nung araw na yun, nagluto kami ng pancakes dalawa. Nakakainis nga kasi nilalagyan niya ko ng flour sa mukha kaya nung nainis ako, nilagyan ko rin siya sa buhok. Hindi naman siya nagreklamo at tumawa lang dahil mukha na daw siyang lolo dahil pumuti na yung buhok niya.

Minsan naguguluhan na ko pag kasama ko siya. Ano ba talaga kami? Anong meron samin? Anong mangyayari samin after 30 days?

Walang kasiguraduhan. Walang may alam saming dalawa. Basta ang alam lang namin, *masaya kami pag magkasama.*

..

.....

........

The next day, was a very nice day. As in umaga palang good vibes na ko ng dahil sa hindi malamang dahilan.

Bumaba ako ng hagdan ng may malaking ngiti sa mukha. Hanggang sa mawala yung mga ngiting yun ng makita ko si mama na may kausap na bisita.

Hindi lang basta bisita.

*He's our dad.*

# CHAPTER 13

I saw my mom sitting in front of my biological father na kahit kelan, hindi ko naman nakilala. I know how he looks like dahil pinapakita noon ni mama yung mga pictures niya sakin. Hindi maalis sakin yung sobrang galit ko sa sarili kong ama. He never held my hand when I was young, he wasn't there to bring me to school, he had never been there for me when I needed him the most. Tapos andito siya ngayon? Anong ginagawa niya dito?

Tumayo si mama mula sa pagkaka upo sa sofa at lumapit sakin. **"Tine, I can fix this up. You can go back to your room, isama mo rin si baby Nathan."** Sabi ni mama habang nilalagay sa kamay ko yung kamay ni baby Nathan. Naka tingin lang ako sakanya at sa 'bisita' namin.

Hangga't sa hindi ko na makayanan at kumukulo na yung dugo ko. **"Masyado pang maaga para sa BISITA. Lalo na kung hindi namin kilala. Kaya pwede? Umalis ka na tapos wag ka ng bumalik."**

**"Tine!"** mom almost half-shouted. Bigla nalang dumating si tita out of nowhere at kinuha si Baby Nathan at dinala sa kwarto sa taas.

Kaming tatlo nalang naiwan ngayon dito sa baba, and I can now say whatever I want to say.

**"Hindi mo ba narinig? We don't allow strangers inside our house. Kaya makaka alis kana!"** hinawakan ni mama yung kamay ko and I can see her crying. Medyo nasasaktan ako deep inside habang nakikita ko

siyang umiiyak pero I have to be strong. Hindi ako dapat umiyak sa harap ng walang kwentang tao katulad ng 'bisita' namin na to.

**"Tine.. You grew up so well.. Please let me—"** hindi ko na pinatapos yung sasabihin niya at sumigaw na ulit ako.

**"LEAVE!!"**

**"Tine please."** Nagmamaka awang sabi ni mama.

**"Bakit Ma, ano pong gusto niyong gawin ko?! Makipag plastikan ako na tinatanggap ko siya bilang daddy ko?! Sa tingin niyo magagawa ko yun?! Hindi na ko bata ma. I can clearly understand everything!! And he has to leave!!!"**

**"No tine. You can't understand.. You can't—"**

**"I can't understand? Ano bang hindi ko maintindihan bukod sa fact na iniwan niya tayo?! INEEXPECT NIYO BA NA TATANGGAPIN KO SIYA PAGTAPOS NG LAHAT NG PINAG DAANAN KO NG DAHIL SAKANYA?! I've been bullied in school because of him! Kung alam nyo lang yung trauma na inabot ko ng dahil sa taong yan!!"**

Umiiyak din yung 'bisita' namin. I wonder why. For sure dahil sa guilt yun. Naguguilty siya sa lahat ng ginawa niya sakin. SAMIN. Kaya siya umiiyak ngayon. He deserves that! Habang buhay nya dapat pag sisihan lahat ng ginawa niya!

Lumapit ako sakanya at tinulak tulak siya papalabas ng pinto. But he keeps on fighting at parang gusto niya kong yakapin. I don’t want to be hugged by a stranger! **“LEAVE! I SAID LEAVE!”**

**“Tine, tama na please!”** my mom is shouting while crying.

**“NO MOM! HE HAS TO LEAVE!!”**

**“TINE!! THIS IS ALL MY FAULT!!”** sigaw ni mama dahilan para mapaharap ako sakanya. Nanginginig yung boses niya at iyak parin siya ng iyak. Hangga’t sa magsalita na siya ulit.

**“We are not his first family. Kabit lang ako ng daddy mo, naiintindihan mo? It was a sin we both committed at nasasaktan akong malaman na dahil sa pagkakamaling yun, ikaw yung nahihirapan ng ganito. Tine, I’m sorry. I’m really sorry na hindi ko kayo mabigyan ng buong family ni Baby Nathan. It was all my fault. Nag mahal ako ng maling tao.”**

Halos mapaupo ako sa sahig nung marinig ko yun. Everything that I've heard is just too painful. I’ve never been born out of love. I’ve been born out of a mistake, and that hurts a lot.

**“Tine, listen to me. Pinagsisisihan ko yung pagkakamaling yun, pero ang hindi ko pinagsisisihan eh yung dumating kayo ni Baby Nathan samin. I love the two of you so much, and you know that.”**

I started crying. Kahit gusto kong pigilan na umiyak, hindi ko magawa. It's just too painful not to cry.

**"Mom, It wasn't a mistake. Kasi twice nangyari. Dalawa kami ni Baby Nathan. It was both your selfish choice."** Pinunasan ko yung mga luha ko, then tinignan ko yung mukha ng biological father ko. I can see his resemblance to me and baby Nathan. Hindi ko talaga maidedeny na we came from him. Na kahit balibaliktarin ko man yung mundo, he's our dad. But I still hate him.

**"If you love your first wife so much, hindi mo dapat ginawa to. You're just like any other bad husband who ruin their marriage. And I hate you for that! I HATE YOU!"**

After ko sabihin yun, tumakbo na ko papalabas ng bahay na umiiyak parin. Tinatawag ako ni mama, pero I don't care. Masyadong masakit yung mga narinig ko. Masakit yung mga nalaman ko, masakit rin na nasagot ko for the first time ever in my life si mama. Ano ng gagawin ko ngayon? Saan ako pupunta? Takbo ako ng takbo hanggang sa makapunta ako sa bridge.

And there..

I started crying to my heart's content.

--

**Patrick's POV**

Nagising ako ng biglang mag ring yung phone ko. Nakita ko na tumatawag yung mama ni Tine. Yep. Alam niya number ko dahil nag exchange numbers kami nung araw na umalis kami ni Tine para magpunta sa Bohol. Pero teka, bakit siya tumatawag? May nangyari kaya?

Bumangon agad ako sa pagkakahiga at kinuha yung phone ko sa side table at sinagot agad yun.

**"Hello po?"**

**"Patrick.. si Tine.."** I heard sobs from the other line. May nangyari kayang masama?

**"Bakit po? Ano pong nangyari?!"**

**“Nagkita sila ng papa niya..** *sniff* **She’s mad Patrick. She ran out of the house.** *sniff* **P-please.. P-please find her..** *sniff***”**

**“Okay po tita. Wag napo kayong magalala. Ako napong bahala.”** Binaba ko na yung phone after nun. San naman kaya pupunta si Tine? Wala akong ibang naiisip na pupuntahan niya pag ganito siya kalungkot kundi sa bridge. Sa bridge na yun. Kung saan una ko siyang nakitang umiiyak.

Tumakbo na agad ako papalabas ng bahay. Since malapit lang din naman dito sa subdivision yung bridge, tumakbo nalang ako papunta dun. Hingal na hingal ako at pawis na pawis at the same time. Pag dating ko naman sa bridge, hindi ako nagkamali ng pinuntahan. Naka upo si Tine dun na hawak hawak yung mga tali ng bridge tapos umiiyak na parang batang inagawan ng candy.

Dahan dahan akong umupo sa tabi niya. Nagulat siya sa pag dating ko, pero bumalik lang ulit sa pag iyak.

**“Tine..”**

**“Pat, please. Wag muna ngayon..”** mahina niyang sabi while she's still crying.

Kumuha ako ng panyo sa bulsa ko tapos inabot yun sakanya. Natuwa naman ako kasi hindi niya tinanggihan. Huminga muna ko ng malalim, bago nag salita ulit. **“Diba sabi ko naman andito ko pag kailangan mo ko. Hay. Sa ilang linggo nating nagsama, bakit ba palagi ka nalang umiiyak? Iyakin ka rin noh? Haha”** pinipilit kong patawanin siya, pero

talagang umiiyak parin siya kaya hinawakan ko yung pisngi niya, tapos sinandal nalang siya sa balikat ko.

**"Okay. Sige na, sabihin mo na lahat ng gusto mong sabihin sakin. Kung gusto mong magalit sakin ngayon, ayos lang."**

I heard her sobs, but then she started talking. **"Pat, I was born out of a mistake. Mom was dad's mistress. How could I ever accept that? Sobrang sakit para sakin nung mga nalaman ko. I've always dreamt of having a happy family. Kahit hindi perpekto dahil wala namang ganung pamilya. Pero ang gusto ko lang yung sama sama. Yung kompleto. Is that too much to ask? Yun lang naman yung gusto ko eh. My biological father cheated on her first wife. Nambabae siya! And I HATE HIM FOR THAT. Galit ako sa mga taong hindi marunong makontento. Galit ako sakanya!!"** And she's crying hard now.

Habang nakasandal siya sa balikat ko, tinitignan ko lang siya. I can see pain through her eyes. Kahit gusto kong alisin yung mga sakit na yun, alam kong this time, mahihirapan ako. I don't know the right words to say. The right words to comfort her. Pero hindi ba ang mahalaga eh yung nandito ako sa tabi niya para damayan siya?

I sighed, **"Tine. Yes, maaring nagkamali nga sila. Pero sa pagkakamali nilang yun, andito ka ngayon. Minsan, yung mga pagkakamali natin yung nagdadala satin sa mga magagandang bagay. At ano yung bagay na yun para sa parents mo? Ikaw. Kayo ni Baby Nathan. Don't be mad at him, Don't hate him, kasi kahit ang dami niyang kasalanan sayo, kahit hindi siya yung ideal father na pinangarap mo, still.. Kahit balibaliktarin mo yung mundo.. Tine, he will always be your father."**

Napahawak siya sa bibig niya nung sinabi ko yun. Mas lalong lumakas yung pag iyak niya kaya niyakap ko na siya. **"Shh.. Wag ka ng umiyak. Learn to forgive. At least you've known the truth. I think your father still cares for the two of you. Kasi kung kinalimutan niya na kayo, hindi na sana siya bumalik.."**

Kumalas si tine mula sa pagkakayakap ko, then seryoso siyang tumingin sa mga mata ko. Her eyes are full of pain and sadness. I am getting lost into her eyes, hanggang unti unti siyang lumapit.

Nung inches away nalang yung pagitan naming dalawa, she whispered. **"Hindi ko alam kung ano ng nangyari sakin if hindi ka dumating. Pat, thank you."** And slowly, sa unang pagkakataon, we kissed.

Mixed emotions yung kiss na yun. Hindi ko alam kung matutuwa ba ako o ano eh. Siyempre masaya ko. Pero may nagsasabi din sa utak ko na hindi kaya nabigla lang siya dahil malungkot siya? Pero when we kissed, I felt something new. Something that I've never felt before.

Damn!

I think..

*I think I have fallen in love with her.*

# CHAPTER 14

Tatlong araw na makalipas nung pumunta yung ‘bisita’ na yun sa bahay. Hindi parin kami nagkakausap ni mama after nun. Lagi akong umuuwi ng gabing gabi na, tapos gigising ako ng sobrang aga tapos aalis ng bahay. Minsan pupunta ko sa bahay nila Patrick at kung ano anong pinag gagawa namin. Madalas naman akong nasa hospital at dinadalaw si Andrea. Katulad ngayon, pupunta ako sa hospital at halos 5 am palang para tulog na tulog pa si mama.

Nag shower na ko sa bathroom sa loob ng kwarto ko tapos nag bihis na. Nung tapos na ko mag ayos, dahan dahan kong binuksan yung pinto ng kwarto ko tapos dahan dahan din akong bumaba. Pero nagulat nalang ako nung nakita ko si mama na naka upo sa may pinto ng bahay tapos nakatingin sa labas. I can see her hugging herself ng dahil siguro sa lamig. Habang nakatalikod sakin si mama, pakiramdam ko gusto kong yakapin yung likod niya ng dahil sa sobrang pagka miss ko sakanya. Medyo nakakaramdam ako ng galit sakanya, pero alam kong mali to dahil all this time, siya yung gumawa ng lahat para mapalaki kami ni baby Nathan ng maayos. Maybe, just maybe, nag mahal lang talaga siya ng maling tao.

Hindi ko na mapigilan yung sarili ko at lumapit na sakanya at umupo sa tabi niya. Niyakap ko siya ng sobrang higpit habang nakasandal yung ulo ko sa may balikat niya. Hinalikan niya ko sa may hair ko, tapos hinug niya rin ako.

Seconds of silence, hanggang sa magsalita ako. **“Ma, did you love him? Did you really love him?”** after ko tanungin yun, napatingin ako sakanya at nakita kong nakatingin lang siya sakin.

**“Hmm.. Yes. I loved him. Alam ko naman na hindi ako yung una, pero tinanggap ko parin yun dahil mahal ko talaga siya. I maybe a complete idiot and slut for doing that. Pero maybe that’s what love can do to people. Pag nagmamahal tayo, nagiging tanga tayo. Ang mahalaga, natututo tayo. I’ve learn so much from what happened. I was wrong, at least I know how to admit that.”**

**“Did his wife know?”**

**“Yes. She knew. Eventually, she found out. Nasaktan siya of course, pero ginusto niya rin kayong makilala. Mabait siya Tine. Kasi kung hindi, matagal niya na sana akong sinaktan. Your dad loved me too but I know that not how much he loves his wife. At wala akong magagawa kundi tanggapin lahat yun. After all, kundi dahil sa pagkakamali na yun, wala sana kayo ni Baby Nathan sakin ngayon.”**

**“Ma, do you want me to forgive him?”**

Nung marinig niya yun, napahigpit yung yakap niya sakin. **“If you can’t, then I won’t ask you to forgive him. I can’t blame you if you’re still mad at him.”**

**“Ma, simula nung bata ako pinangarap ko talaga ng magkaron ng daddy. Yung daddy na ipagtatanggol ako, tuturuan ako mag bike, yung maipagmamalaki ko sa mga kaibgan at kaklase ko. Pero as time goes by, narealize ko na bakit pa ko maghahanap ng daddy, kung andyan naman yung mama ko na daddy slash mommy sakin? Na mahal na mahal ako?”**

I saw my mom slightly smile. Yes, I want to see her smile. My mom is so beautiful, at bagay lang na lagi siyang naka ngiti. Minsan naiisip ko, why did my mom choose to be a second choice? Kung pwede naman siyang maging first choice sa iba? Kung pwede naman siyang maging legal wife sa iba? Pero it was my dad whom she chose to love. Wala akong karapatang husgahan siya kasi nagmahal talaga siya ng totoo. Just like what she said, nagiging tanga tayo pag nagmamahal tayo.

And my decision is clear. **"Mom, I want to meet him. I want to meet my dad. I want to know him more."** That gave my mom a surprise, pero ngumiti lang siya sakin at nag nod.

..

…..

…….

Pumunta na ko sa hospital after ko mag breakfast na luto ni mama. It feels so good na naguusap na ulit kami. Hindi din ako sanay na hindi kami nagpapansinan eh. Bumili muna ko ng healthy juice drink bago tuluyang pumunta sa hospital.

Papasok na ko sa hospital ng biglang makasalubong ko si Karl na papalabas na ata.

**"Hi."** Bati niya sakin. Ngumiti rin naman ako sakanya.

**“Hello. Pauwi kana?”** I asked.

**“Hmm, nope. Bibili sana ko ng breakfast para kay Dea. Alam mo naman yun, nababaliw na sa lasa ng hospital food.”** I just smiled. Yeah, that’s really Andrea.

**“Gusto mo sumama? Dyan lang sa mcdo sa tapat? Akin na, ako na magdadala nyan mukhang mabigat eh.”** Then kinuha niya yung plastic na hawak ko na naglalaman ng mga health juice drink na binili ko for Andrea. Sumama ako sakanya papunta sa mcdo sa tapat. Breakfast time kaya medyo mahaba yung pila.

Nag aantay lang kami sa line at nung turn na namin, humarap sakin si Karl. **“Want anything?”**

**“Ah nope. Kakakain ko lang din.”**

**“Tinanggihan mo na na ko nung first, at least accept it this time. Pancakes?”** then tumango nalang ako sakanya. Wala naman na akong magagawa. Ganito rin siya dati. Palagi niya kong gustong madaming kinakain. Nung first date namin halos magsuka ko sa sobrang dami kong nakain, or should I say, sa sobrang dami niyang pinakain sakin. Minsan pa sa school, pupuntahan niya ko sa classroom para lang dalhan ng pagkain.

I came back to present nung makita ko na naman yung picture namin sa wallet niya pag bukas niya nun. Hindi na ko makapag pigil. I have to ask him about this. **“Hey, Bakit andyan pa? I mean bakit hindi mo pa inaalis?”**

**"Ito ba?"** sabi niya sabay turo sa picture sa wallet niya. **"Hindi ko maalis eh. Hindi ko kayang alisin."**

Medyo naguluhan ako dun, aaminin ko. Bakit hindi niya maalis? Bakit hindi niya alisin? Hindi kaya may something parin? ERASE. ERASE.

Kinuha na ni Karl yung mga inorder namin tapos lumabas na kami ng mcdo. Papatawid na sana kami pabalik ng hospital, ng bigla niyang hawakan yung kamay ko. As in hinawakan niya ng mahigpit yung kamay ko. Then suddenly, naalala ko nung unang beses niyang hinawakan yung kamay ko. Natatakot din ako nung tumawid, then ngumiti siya sakin nun tapos hinawakan nya ng mahigpit yung kamay ko. Karl, bakit? Why are you doing this to me? Why are you giving me mix signs para isipin kong mahal mo parin ako?

Tumawid na kami nun tapos pumasok na sa hospital then sumakay na sa elevator. Pag dating namin sa room ni Andrea, wala siya dun. As in walang tao. Nag tanong kami sa nurse station and sabi nila nasa ICU daw si Andrea dahil inatake daw siya habang wala kami. Pumunta kami sa ICU at dahil bawal kaming pumasok sa loob, nag antay nalang kami sa labas nun. Nakikita ko yung pag aalala sa mukha ni Karl, at alam kong ayun din yung nararamdaman ko.

Then suddenly narealize ko na hawak parin ni Karl yung kamay ko, so I squeezed it. **"Don't worry. She'll be fine."**

Tumingin siya sakin tapos bigla siyang napasandal sa pader tapos pumikit. **"I'm sorry. I think this is because of me."**

**“Ha?”** nagtataka kong tanong sakanya.

**“Tine, I told Dea that I miss you. That I want to come back to you. Bestfriends kami ever since bata palang kami. Pero talagang hanggang dun lang eh. Ayoko siyang saktan, pero hindi ko maiwasan yung sarili kong bumalik sayo. Nung unang beses kong nakita yung Patrick na yun, Tine. Nasaktan talaga ko. Kung alam mo lang.”** I can hear his sighs. Nagulat ako sa sinabi niya, I can feel my heart is beating so fast. As in sobrang bilis na halos aatakihin narin ako sa puso. I can see his face, and he is so damn serious.

**--Now playing – (Baby Girl – Innervoices) –**

**“Karl..”** I said with a low voice. **“We can’t hurt Andrea.”**

**“Pero mahal kita. Tine, it hurts to let you go. It hurts to see you with someone else.”** Hindi ako nakapag salita after nun.

**“Baby, bumalik ka nalang?”** Ayun na siguro yung mga salitang nagpatigil sa tibok ng puso ko. Matagal kong inantay na sabihin niya sakin to ulit. Matagal kong inantay na makipag balikan siya sakin. Pero bakit ngayong sinabi niya na, bakit parang..

Parang hindi ako sobrang saya? Ang nag flash back lang sa utak ko, yung kasama ko si Patrick kahapon. Yung kiss. Yung hug. Am I even in love with Patrick? Bakit pati sarili ko hindi ko na maintindihan?

..

….

…….

……….

2 hours later, lumabas narin ng ICU si Andrea. Dinala ko na sa kwarto niya yung mcdo and healthy juice drinks na dala dala namin ni Karl kanina. Si Karl naman, sinamahan si Tita Aria, yung mama ni Andrea umuwi para kumuha ng mga damit.

Nandito na sa hospital room nya si Andrea at ako ang bantay niya ngayon.

**“Andrea, anong gusto mo unahing kainin? Hmm, medyo lumamig na yung mga pagkain dahil kanina pa to. Nauuhaw ka ba?”**

Tumingin naman si Andrea sa mga hawak ko. **“hmm, kahit juice lang. Medyo nauhaw ako sa tagal ko sa loob ng ICU.”**

Kinuha ko na nga yung juice then inalalayan ko siyang umupo mula sa pagkakahiga niya. Tapos nilapit ko yung juice sakanya at ginamit yung right hand ko para pansalo sa may ilalim ng baba niya. **“Thank you.”** She said.

**“Kamusta na? Okay naba pakiramdam mo? May masakit ba?”**

She smiled at me, then hinawakan niya yung isa kong kamay. Although may dextrose yung isa niyang kamay, dalawang kamay parin yung pinanghawak niya. **“Best..”**

**“Hmm?”**

**“Promise me one thing.”**

**“Yes?”**

**“Date Karl again. Please..”** Nanlaki yung mata ko sa mga sinabi niya. Ano daw? Ano daw gusto niyang gawin ko? Makipag date ulit kay Karl? Is she sacrificing herself again?

umiling iling naman ako. **“No. Andrea, don’t do this for me. Trust me, magiging okay naman ako eh.”**

**“I’m not doing this for you alone. I’m doing this for the two of you. Please, date him again or I’ll be guilty for everything that happened. Please Tine. For me. Magpapagaling ako. Magbobonding ulit tayo. But please, do me this favor.”**

I can see sincerity in her eyes. I can’t say no, so I just nod.

..

…

…

Hapon na at nagpaalam na ko kay Andrea at tita Aria. Nag insist pa si Karl na ihatid ako, pero nagdahilan nalang ako na may pupuntahan ako. Although totoo naman na may pupuntahan talaga ko. Pupunta ko sa bahay nila Patrick.

Nung nasa tapat na ko ng bahay nila, kinuha ko yung cellphone ko tapos nag text ako kay Patrick.

To: Pat

If 2 minutes, wala kapa dito sa baba, patay ka talaga sakin! Alam mo na mangyayari sayo!! >.<

Maya maya, wala pa atang 2 minutes nakita ko na si Patrick na tumatakbo papalabas ng gate nila. Pag labas niya ng gate, hingal na hingal siya tapos yung suot niyang tsinelas magka iba pa since nataranta ata siya.

**“Hahahaha! Tignan mo yung tsinelas mo oh.”** Sabay tumingin naman siya sa tsinelas niya.

**“Eh kasi ikaw eh. Nagulat ako sa bigla mong pag text. Nauntog pa nga yung tuhod ko nung tumalon ako sa higaan eh. Napa punta ka ata?”**

**“Aayain sana kita sa playground eh. Bawal naba dumalaw ngayon?”**

**“Sabi ko nga eh. Tara!”** naglakad na kami papunta sa playground ng subdivision. Ganun parin yung slippers niya. Magka iba parin. Isang pang babae, tapos isang panglalaki. Sa mama niya ata yung pang babae.

Pag dating namin sa playground, umupo ako sa swing tapos siyempre, si Patrick yung taga tulak ko para gumalaw yung swing.

**“Ang bigat mo. Ang taba mo kasi eh.”** Napalingon naman ako sakanya nung sinabi niya yun.

**“MAY SINASABI KA?!”**

**“Hahaha! Sabi ko na nga ba yan sasabihin mo eh. Namiss ko pagka suplada mo kumander.”** Bigla naman akong naguilty dun. Actually, andito lang naman ako para sabihin sakanyang..

**“Pat, malapit na matapos yung 30 days. And I want to tell you something. Stop the swing please.”** Huminto siya sa pagtulak ng swing tapos sinadsad ko yung paa ko sa sahig para huminto yun ng tuluyan.

Umupo naman siya sa swing na nasa tabi ko tapos excited na nagtanong. **“Yes? Ano sasabihin mo?”**

I can see him smiling, kaya mas lalo akong naguilty sa sasabihin ko sakanya. I took a deep breath then started talking. **“I’m going to date Karl again. Hmm.. thank you for everything. Pero bumalik na si Karl sakin. Pat, mahal niya na ko ulit. Nagsisisi na siya sa mga ginawa niya sakin. He said sorry, and he told me that he wants me back.”**

Nakita kong unti unting nawala yung mga ngiti niya sa mukha. Hindi siya nakapagsalita at napayuko lang. **“Ganun ba.. Edi solve! Hindi mo na ko kailangan kasi andyan na siya ulit.”**

Tumayo ako mula sa pagkakaupo ko sa swing tapos lumapit ako sakanya at umupo ako sa sahig sa harap niya. Para kahit naka yuko siya, makita ko parin yung mukha niya. **“Pat, wag mo naman isipin na kaya lang ako andito kasi kailangan kita. Pero it’s about time to go back to where I am supposed to be. Pat—“** bigla siyang napatayo tapos nakita ko yung seryoso niyang mukha. Or should I say, galit ba siya?

**“TINE! YOU’RE DUMB! AS IN COMPLETE DUMB!”**

Nanlaki yung mata ko sa mga sinabi niya kaya tumayo din ako para sigawan din siya. **"AT BAKIT MO NAMAN NASABI YAN HA?"**

**"ANO YUNG SINABI MO, IT'S ABOUT TIME TO GO BACK TO WHERE YOU ARE SUPPOSED TO BE? Hindi mo alam, dito ka dapat. This is where you are supposed to be! Ang hirap kasi sayo—"** hindi niya natuloy yung sasabihin niya at napayuko lang siya.

Lumapit ako sakanya tapos tinulak tulak ko siya sa dibdib niya. **"ANO HA? ANONG HIRAP SAKIN?!"**

Hinahawakan niya yung mga kamay ko at pinipigilan ako sa pagtulak sakanya. **"ANO HA? BAKIT HINDI MO MASABI?! ANO!?"**

Tinulak tulak ko parin siya hangga't sa magsalita siya. **"Ang hirap kasi sayo, andito na ko, hindi mo pa ko makita. Ano to? Balewala nalang yung kiss? Walang ibig sabihin yun? Walang meaning yun?! Ginawa mo lang yun kasi malungkot ka?! Alam mo ba kung anong hirap sayo?!! MAHAL NA KITA, HINDI MO PA ALAM!"**

Bigla nalang ako naluha sa mga sinabi niya. I can't believe this. What did he say? He said he loves me? Damn! He's a complete idiot!

Tinulak tulak ko parin siya habang umiiyak ako. Hinawakan niya yung dalawa kong kamay tapos niyakap ako ng mahigpit. Mahigpit na mahigpit na hindi na ko makalaban pa. **"Yes, I fell in love with you. But I'm not asking for something in return. Basta gusto ko lang malaman mo. Will**

**you stop crying kung babalik ka kay Karl? Magiging masaya ka ba? Hindi na ba kita makikitang umiyak ulit? Kasi kung oo, then bumalik kana sakanya. Feel free to forget about me, but I won't forget about you."**

Humiwalay siya sa pagkakayakap sakin then he kissed me on my forehead. **"Thank you din sa lahat. Bye, Tine."**

Then unti unti siyang umalis.

Bakit parang ang sakit? Bakit parang pakiramdam ko mas masakit pa to kesa nung araw ng break up namin ni Karl? Gusto ko ba talaga siyang umalis? Gusto ko ba talaga siyang kalimutan? I don't want. Ang gusto ko lang naman sabihin sakanya, pwede parin kaming maging mag kaibigan. Pero eto na nga, sinabi niyang mahal niya na ko.

Mahal ko na rin ba siya?

Mahal ko parin ba si Karl?

Naguguluhan na ko. Hindi ko na alam gagawin ko.

Yes, maybe I'm dumb. I'm a perfect description of a complete DUMB. And *I’m sorry Pat.*

# CHAPTER 15

Mga 1 week na after ng sigawan namin ni Patrick. Nakalabas narin from the hospital si Andrea tapos nag sisimula na ulit kaming mag date ni Karl. Inaamin kong namimiss ko talaga si Patrick ng sobra dahil hindi na siya nagpaparamdam. Ilang araw nalang matatapos na yung 30 days. As in 2 days nalang.

Ngayong araw na to, makikipag meet ako sa biological father ko. Hindi ko parin siya matawag na daddy o papa o kahit na ano pa dahil naiilang talaga ko. Hindi ko pa kaya. Hindi ko nga alam kung isang araw makikita ko yung sarili kong tinatawag siyang ‘papa’ eh. Pinapunta ngayon ni mama yung biological father ko dito sa bahay dahil ayun yung request ko. Handa naba ko? I think I should be. It’s now or never.

Nag ayos na ko ng sarili ko, tapos bumaba na. At andun na nga yung ‘bisita’ namin.

**“Tine..”** sabay tumayo siya mula sa pagkaka upo niya sa sofa. Tumakbo naman papalapit sakin si baby Nathan.

**“Ate, tignan mo oh. Nibigyan ako ng toys. Siya paya yung papa natin.”** Lumuhod ako para maging kasing tangkad ko lang si baby Nathan. Ngumiti ako at pinisil ko yung magkabila niyang matatabang pisngi. **“Wow naman. Ang dami niyan ah. Sige play ka na. Mamaya makikipag play si ate sayo ha?”**

**“yehey!”** tapos tumakbo na si baby Nathan papunta kay mama.

Lumapit ako sa biological father ko tapos umupo ako sa sofa kaya umupo narin siya sa sofa na kaharap nun.

**“Tine.. Sorry. Hindi ko gustong gulatin ka nun sa bigla bigla kong pag punta dito. Maniwala ka, matagal ko na kayong hinahanap. Pero lately ko lang nalaman yung address niyo. You grew up as a fine young woman. Sorry kung wala ako sa tabi mo nung mga panahong—“**

I cut him off. **“Don’t say sorry. I can now understand na you have your first family to prioritize. Kahit naman po ano pang mangyari, hindi na mababago yung mga nangyari na. Pero gusto ko pong tanggapin kayo hindi lang para sakin, para narin po kay Baby Nathan. Kasi alam ko naman pong kahit ano pang nagawa niyo, kayo parin yung papa namin.”**

Lumapit siya sakin, and before I knew it.. He’s already hugging me. Eto pala yung pakiramdam na nagpatawad ka, na mayakap ka ng sarili mong ama.

The warmth of his hug.. I can feel that he really is my dad. And even though we are not his first family, at least kahit papano bumalik siya para hanapin kami. How I wish I can say na etong story namin, kami yung first family tapos malalaman naming may 2nd family yung daddy namin like what most story is all about. Pero kami, iba. Kami yung second family. I can't blame my mom. She loved our biological father, but at least she knows that she was wrong. Yun naman yung mahalaga diba? Yung malaman mo yung pagkakamali mo.

We may never be complete, but at least I've met him. At least I know what he looks like. And suddenly, feeling ko nakompleto narin yung pagka tao ko.

--

**Patrick's POV**

Hindi ko na ata kinakaya na isang linggo na wala parin kaming balita tungkol sa isa't isa. Alam kong nagpapataasan kami ng pride, pero kasi.. baka naman masaya na talaga siya kay Karl? At ako nalang tong sira na nag aakala na may chance pa kami.

Sinusubukan ko namang kalimutan siya eh, sumasama na ulit ako sa mga gala ng tropa. Pero kagabi nung makita ko yung mga pictures namin sa mga pinuntahan namin nung magkasama kami, hindi ko maiwasang isipin siya. Yung sa tapat ng bench, sa loob ng haunted house, at marami pang ibang pictures. Minsan iniisip ko puro kalokohan yung inabot ko nung kasama ko siya eh. Pero sino bang mag aakala na yung mga kalokohan niya at pagiging masungit niya na yun yung mamimiss ko?

Naknampucha! Sobrang gay!! Pero nung isang araw pumunta ko sa hospital para makita manlang si Tine. Alam ko kasing dadalawin niya dun yung kaibigan niya eh. Pero nag aantay ako dun sa fourth floor, hallway ng hospital ng ilang minuto.. Hindi ko siya nakita. Imbes na siya, yung hinayupak pang Karl na yun yung nakita ko.

Napansin niya naman ako tapos nag death stare pa nga siya. Hindi ko nga alam kung mahal nya ba talaga si Tine o ayaw niya lang may makaagaw kay Tine na iba dahil lang sa rason na selfish siya at ayaw nyang maka move on si Tine sakanya.

Lumapit ako sakanya habang naglalakad siya tapos sumabay sakanyang sumakay ng elevator. **“Pare! May gusto ka bang sabihin?”** tanong niya sakin ng seryoso.

**“Inom?”**

..

…

….

Pumunta kami sa bar down town tapos umorder kami ng mga beer. Uminom inom lang kami tapos nagsimula na siyang mag salita.

**"Ano kailangan mo? Tungkol kay Tine, tama?"**

**“Diretsuhin na nga kita. Mahal mo parin ba talaga si Tine? O natatakot ka lang na maagaw siya sayo?”** natawa siya sa tanong kong yun tapos uminom muna ng beer bago ako sagutin.

**“Parehas dude. Ano naman yan? Ang gay.”**

**“Naninigurado lang. Kasi baka masaktan na naman yun eh. Ilang beses na kasing umiyak yun ng dahil sa walang kwentang katulad mo! Wag ka sanang magalit, totoo naman eh.”**

Imbis na magalit siya, natawa lang siya tapos tinap pa ko sa braso. **"I saw it you don't need to tell me. Wag ka magalala, hindi ko na ulit gagawin yun. Alam kong type mo siya, pero sorry ka nalang. Akin parin siya eh."**

Medyo napa close fist naman ako nung marinig ko yun. Pero totoo naman eh. Kahit naman anong mangyari, siya parin yung gusto ni Tine. Siya parin yung pipiliin ni Tine.

Napabuntong hininga nalang ako. **"Okay, Basta wag mo lang siyang sasaktan ulit. Maghanda ka lang na gumawa ng mga kalokohan para mapasaya mo siya. Kasi ako, nasubukan kong mag push up sa harap ng mga tao dahil late ako sa unang date namin. Wag ka magpapalate, ayaw nya nun. Pangalawa, pag masakit yung paa niya makipag palitan ka ng sapatos sakanya. Kung high heels man yun, edi isuot mo parin. Pangatlo, maghanda ka ng mamake upan dahil gusto niya yun. Pang apat, minsan naiisipan nun na magpakuha ng picture sa loob ng haunted house o sa tabi ng bench poster. Wag ka ng magtaka, mag pose ka nalang. At panlima, bigyan mo siya ng flowers. Tapos bago mo ibigay, lumuhod ka muna sa harap niya."**

Natawa lang siya sakin. Alam kong ang corny ko nung sinasabi ko yung mga yun dahil naalala ko yung mga pinagawa niya sakin. Pero sinasabi ko lang yun para kahit ang hirap intindihin ni Tine, eh pilitin niya paring maintindihan. Yun na siguro yung pinaka huling gagawin ko para kay Tine. I said good bye to her, so siguro it's about time na kalimutan ko narin siya.

--

**Tine's POV**

Days passed. And eto na yung day exactly na matatapos na yung 30 days. Eto na supposedly yung 30th day ng summer na magkasama kami.. Pero nauna ng natapos yung 30 days na yun simula nung nag good bye siya.

Mag dedate kami ni Karl ngayon kaya pinili ko na yung pinaka maganda kong dress para sa araw na to. Naghahanap ako ng hair pin sa drawer, ng makita ko yung pictures namin ni Patrick. Yung wacky niya nun sa loob ng haunted house, yung pictures namin magkasama sa Bohol. All those memories. Sa loob ng konting araw, napalapit narin ako sakanya. Hindi ko parin makalimutan yung araw na una niya kong nakitang umiiyak sa bridge. Yung araw din na kinomfort niya ko nung unang beses kong makita yung biological father ko. Andyan siya nung mga panahong kailangan ko siya. Then biglang pumasok sa isip ko yung sinabi niya sakin..

*'Ang hirap kasi sayo, nasa harap mo na, hindi mo pa makita.'*

I came back to present, nung bigla nalang bumukas yung pinto tapos pumasok si mama.

**“Si Karl nag aantay sa baba. Ayos naba kayo ulit?”** I just gave my mom a weak smile tapos lumapit siya sakin tapos umupo sa tabi ko.

**“Anong meron 'nak? Hindi ka ganito dati ah. Dati, marinig mo lang yung pangalan ni Karl, tatalon kana tapos tatakbo kana pababa. Bakit parang nag iba na yung ihip ng hangin ngayon?”**

**“Hmm.. Ma, ewan ko nga po eh. Naguguluhan na nga din po ako eh.”**

**“Let me think, naguguluhan ka kung mahal mo pa si past, o mahal mo na si present tama ba?”** Hindi nalang ako sumagot. Pano alam ni mama yung nasa isip ko? Mama ko nga talaga siya. -__-

She sighed, then continued talking. **“Hindi kaya naguguluhan ka lang? Hindi kaya sinusundan mo lang yung isip mo na nagsasabi na, si past dapat yung mahalin mo. Kasi nasanay ka ng siya yung mahal mo. Pero hindi mo napapansin, yung puso mo na yung nagsasabi na.. Iba na pala. Iba na pala**

**yung mahal ko. Alam mo Tine, kung mahal mo pa talaga ng sobra si past, hindi ka maguguluhan ng ganyan. Hindi ka magdadalawang isip. Kasi ang puso, pag nagmahal, sigurado."**

Napatingin naman ako kay mama. **"Ma naman eh. Daig mo pa si papa Jack sa radio kung mag advice eh. Pwede kanang Dr. Love, Ma."**

Ngumiti lang siya tapos hinalikan ako sa noo. **"Basta, ang gusto ko wag kang gagaya kay mama. Ang gusto ko magpapakasal ka sa altar, ikaw yung bride, ikaw yung pang una. Hindi lang una, yung ikaw lang talaga. I love you Tine, ikaw na mag decide. Follow your heart."**

Nag babye na kami ni Karl kay mama tapos inaya ako ni Karl na magpunta sa sports complex para mag bowling. Pag dating namin dun, nag bowling kami ng ilang beses. After nun, nag tennis naman kami. Hindi ako masyadong magaling, pero tinuruan niya naman ako. Nung mapagod na kami, nag hanap kami ng restaurant sa loob lang din ng complex. At the end, napunta kami sa T.G.I Fridays. Dito kami unang kumain sa labas ni Patrick, sa ibang branch nga lang. Pero dito ko siya pinainom ng iced tea na kailangan ubusin niya within 3 seconds. Habang pumipili si Karl sa menu, sinilip ko muna yung cellphone ko.

Brinowse ko yung mga pictures namin ni Pat dati. Nakita ko dun yung pictures namin sa haunted house, yung picture niya sa tabi

ng bench poster, yung nag make up at nail polish kami, then yung mga pictures sa Bohol. Lahat ng yun nandito pa. Sa kakaisip ko sakanya, hindi ko namalayan na nagtext na pala ko sakanya.

To: Pat

I miss you.

SENT!

Halos mapatalon ako sa kinauupuan ko nung makita kong nasend ko yun!

KYAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAA!!!!

Anong ginawa ko??!!

Hindi ko naman talaga dapat isesend, pero kusang gumalaw yung daliri ko at pinindot ko yung send button!! WAAAAAHHH!!

Napansin ata ako ni Karl na nagulat kaya tinignan niya ko. **“Okay ka lang?”**

**“Ha? Ah. Oo. Hehe. Nevermind.”** Ano bang ginawa ko. =__=

Nagkwentuhan pa kami tungkol sa lagay ni Andrea. Tapos yung mga ginawa niya nung nag break kami. Yung mga nafeel niya nung mga panahon na yun. Pwede bang wag nalang yun balikan? Parang nahihiya ako sa mga ginawa ko nung break up scene namin eh. -__-

Dumating na yung order at kumain na kami. Nung mapansin ko na ubos na yung iced tea ko, tumingin ako sakanya tapos nakita ko na may iced tea pa siya.

**“Karl.”** Tawag ko sakanya. Napatingin naman siya sakin, tapos huminto siya sa pagkain para antayin kung anong sasabihin ko.

**“Hmm.. Inumin mo yung iced tea mo within 3 seconds! Dapat ubos mo agad ah. 1.. 2.. 3!!”**

Imbis na inumin niya yun, natawa lang siya sakin. **“Hahaha! Tama nga yung sinabi ni Patrick.”**

Nanlaki naman yung mata ko dun. **“Ha? Anong sabi ni Patrick? Nagkita kayo?”**

**“Oo. This week lang, nag punta pa nga kami sa bar eh.”**

**“Ganun? Bakit wala ka manlang nababanggit sakin?!”**

He eyed me suspiciously. **“Do you need to know? Hindi ko naman alam na gusto mong malaman eh. Is it important to you?”**

**“Ha? Ahmm..”** napayuko nalang ako. **“Wala lang. Baka kasi pinaguusapan niyo ko behind my back..”**

**“Yes. Actually, napag usapan ka namin.”**

Napatingin na ulit ako sakanya. **“Anong pinag usapan niyo?!”**

Tumingin siya sakin na may halong pagtatataka. Siguro nagtataka siya kung bakit gustong gusto ko malaman. Hindi ko rin alam kung bakit. Matagal tagal ko ng hindi nakita si Patrick, tapos yung huli pa naming pagkikita hindi naging maayos.

**“Hmm.. Sabi niya wag daw kitang sasaktan ulit dahil ayaw ka na niyang makitang umiyak. Did he comfort you while I was gone? Tapos, binigyan nya pa ko ng mga tips para daw mapasaya kita. Una, wag daw ako magpapa late sa mga date natin dahil ayaw mo nun. Pangalawa, pag masakit yung paa mo, kailangan ready ako na makipag palitan ng sapatos sayo. Kahit daw high heels pa yun, isuot ko parin. Haha! I would never do that. Pangatlo, maghanda daw ako na mamake upan dahil ginawa mo raw sakanya yun. Baby, hindi mo naman gagawin sakin yun diba? Pang apat, minsan naiisipan mo raw na magpakuha ng picture sa loob ng haunted house o sa tabi ng bench poster. Wag naraw ako mag taka, mag pose nalang daw ako. Hahaha! Mamamatay ata ko pag ginawa ko yun sa harap ng mga tao noh. At panlima, bigyan daw kita ng flowers. Tapos bago ko ibigay, kailangan ko raw munang lumuhod sa harap mo. Haha! How gay. Alam mo namang hindi ko yun magagawa diba? Baby, sadista ka. Bakit mo naman pinagawa sakanya yung mga yun? Nakaka ubos ng pagka lalaki yun eh! Hahaha!”** tawa pa siya ng tawa, tapos bigla nalang tumulo yung mga luha sa mga mata ko.

Yes, siguro nga hindi mo yun kayang gawin. Kasi si Patrick, wala siyang pake sa pride niya. Ang mahalaga, makita niya kong ngumiti. Si Patrick, kahit ano handang gawin para lang maging masaya ko. Kahit pa ang kapalit nun, mapahiya siya sa harap ng mga tao. Never kong nafeel na sobrang importante yung mga ngiti ko para sa isang tao, hanggang dumating si Patrick. Siguro nga tama si Patrick. All those times na kailangan ko ng kasama, siya yung nandun. *'Andyan na siya para sakin, pero iba parin yung hinahanap ko.'*

Napatayo ako sa kinauupuan ko at nagulat naman si Karl. **"Baby, bat ka umiiyak? San ka pupunta?"**

**"Pupuntahan ko yung tao na mas mahal ako, kesa sa pride niya. Sorry Karl, pero I think once na pinakawalan mo na yung isang tao, hindi mo na siya maibabalik. Thank you for the one year and the half, but we can't continue this."**

**-- PLAY THE SONG, THIS I PROMISE YOU – NSYNC --**

Hindi ko na pinakinggan yung susunod niyang sasabihin. Tumakbo na ko papalabas. Takbo lang ako ng takbo hanggang sa marinig ko yung phone ko na tumutunog. Nakita ko na tumatawag si Patrick, kaya habang tumatakbo ako, sinagot ko yun. Nakalabas na ko ng sports complex and nakita ko na umuulan na pala. Tumakbo na ko papunta sa highway para maghanap ng taxi. Wala na kong pake kahit mabasa na ko ng ulan.

I answered his call. **“Hello?”**

**“HELLO? NASAN KA? PUPUNTAHAN KITA. DAMN IT! I MISS YOU TOO! ANDITO AKO SA BAHAY NIYO, PERO WALA KA EH. TINE AL--”**

Lalo lang akong naiyak sa mga sinasabi niya kaya pinutol ko na siya mag salita. **“Pupunta ko sayo. Pupunta na ko dyan. Sandali lang. maghahanap lang ako ng taxi. Antayin mo ko.”**

Pagbaba ko ng phone, maya maya lang nakahanap na ko ng taxi. Nagpahatid ako hanggang samin. Umuulan parin, palakas ng palakas habang tumatagal. Sana hindi nalang ako umalis ng bahay. Sana noon palang nakapag decide na ko. Sana noon palang alam ko na kung sino talaga yung dapat piliin ko.

Nung medyo malapit na kami sa subdivision, sobrang traffic na. Hindi na ko makapag antay na mag sorry kay Patrick. Na makita

siya ulit. Na sabihin kong mahal ko rin siya. Kaya nag decide na ko na bumaba na. Nag bayad ako sa driver then tinakbo ko na hanggang papasok ng subdivision. Hanggang sa makasalubong ko si Patrick na may dala dalang payong.

Napahinto ako sa pagtakbo at natulala nalang ako sakanya. Tumingin rin siya sakin tapos tumakbo papalapit tapos niyakap ako ng mahigpit. Sobrang higpit. And this is what I need. His hug. His presence.

**“Bakit ka nag paulan?! Sabi ko ako na pupunta sayo eh! Mag push up ka ngayon din ng 10x!”** sabi niya sakin kaya napangiti nalang ako.

Yakap ko parin siya ng mahigpit at pinapayungan niya parin kaming dalawa. Feeling ko tuloy nasa teleserye kami. **“Sorry. Sorry na naging bulag ako. Pero ngayon alam ko na. Pat, mahal din kita. Hindi sukatan yung dami ng pinagsamahan o tagal ng pagsasama, ang mahalaga, mahal talaga kita.”**

Kumalas siya sakin tapos yung left hand niya, hinawakan ako sa may braso. **“Would you mind, to be my girlfriend? Kahit lagpas ng 30 days. Kahit hindi na summer. Kahit hanggang New year, Christmas, lahat na ng occasion. Be my girlfriend, Tine.”**

Tinignan ko siya sa mga mata niya. His sincere eyes. His sincere words. I'm so lucky that once in my summer night, dumating si Patrick sakin. Umuulan nun, umuulan din ngayon. Is this a sign? Habang tinitignan ko siya sa mga mata niya, I am sure that I want to spend every single day with him. More than 30 days of summer with him.

**"Hmm.. Ligawan mo muna ko."** I said. And he just smiled at me then hinug niya ko. **"Hahaha. Yes kumander!"**

And the moment that he hugged me, I know that I made the right choice. My 30 days of summer with him is over.

The good thing is..

I'm gonna spend more days, years, and I dunno how many ocassions with him.

==

10 years later,

Naka upo ako sa tabi ni Baby Christine. 4 years old na siya ngayon and kinikwentuhan ko siya ng bed time fairy tale. **“And.. that’s how we are going to end our fairy tale for tonight. Did you like it?”**

**“Of course mom. What happened to the prince and the princess?”**

**“Hmm.. They are still together. And you call them your mommy and daddy.”**

**“Wow. Mommy was that your fairy tale story?”**

**“Umm.. Yes. The prince and the princess spent too many ocassions together that they finally decided to get married. And after years, Baby Christine came as a blessing to them.”**

**“I love your story mommy. They lived happily ever after just like in fairy tales.”**

I kissed her on the forehead. **“Okay. Time to sleep, sweetie. Good night. Mommy and Daddy love you so much.”**

She hugged me tight. **“Good night mommy. I love you too.”**

Tumayo na ko then nakita ko si Patrick na kadadating lang from work na nakasilip sa may pinto. Pumasok na siya, then hinalikan niya rin sa noo si baby Christine, tapos bumulong ng good night.

This is my family.

Who would have thought na yung taong bigla nalang dumating sa buhay ko, eh yun pa pala yung magtatagal at makakasama ko forever? :D

We don’t know when love will arrive. It may come in the worst part of our life. Magugulat nalang tayo, andyan na pala. Love is unpredictable. It can come in the moment when we least expect it.

I don't think our love story is like a fairytale. It has too many twists and turns, real life trials, and most of all.. I am not a princess. Well, whenever I'm with him.. I feel like one.

Also, we are far from fairytales. Fairytales do have happy endings. While in reality.. **TRUE LOVE never ends.**

**--------- THE END --------**

**Copyright © 2013 by Glimpseofsmile. All rights reserved. This material may not be published, reproduced, broadcast, rewritten, or redistributed without any permission from the author.**

## Author's note

--- Ω ---

Thank you so much for reading this short story. >:D< Here's a small details about the author who have written this.

Username: Glimpseofsmile

Nickname: Glimpse or ate CB.

Age: 17 years old

Birthday: I'm turning 18 on June 15.

I'm half Chinese, half Filipina. :D I love reading and writing so much! *u*

AND I LOVE BUNNIES!! <3

Connect with me! :D

Facebook: www.facebook.com/glimpseofsmile

Twitter: @Glimpseofsmile

Website: www.glimpseofsmile.yolasite.com

Wattpad: www.wattpad.com/user/glimpseofsmile

**God Bless everyone. Read my other stories if you like :D**